

Division of Workers' Compensation

Factsheet

Ano ang kabayaran para sa pagkapinsala ng manggagawa sa trabaho (worker's compensation)?

Kung ikaw ay napinsala sa trabaho, ang iyong pinagtatrabahuhan ay inuutusan ng batas na magbayad para sa mga benepisyonang kabayaran para sa pagkapinsala ng manggagawa sa trabaho. Maaari kang masaktan sa:

Isang kaganapan sa trabaho. Mga Halimbawa: pinsala sa iyong likod dahil sa pagkahulog, pagkasunog dahil sa kemikal na tumalsik sa iyong balat, pinsala dahil sa isang aksidente sa sasakyan habang naghahatid ng mga produkto.

—o—

Paulit-ulit na pagkakatandag sa trabaho. Mga halimbawa: pinsala sa iyong pulsuhan dulot ng paulit-ulit na parehong paggalaw nito, pagkapinsala sa iyong pandinig dahil sa palagiang malakas na ingay.

Anu-ano ang mga benepisyo?

- **Medikal na pangangalaga:** Binayaran ng iyong pinagtatrabahuhan, para tulungan ka sa iyong paggaling mula sa isang pinsala o karamdaman na dulot ng trabaho.
- **Mga benepisyo sa pansamantalang pagkapinsala:** Kabayaran kapag nawalan ka ng sahod dahil sa iyong pinsala na humahadlang sa iyong gawin ang iyong karaniwang trabaho habang nagpapagaling.
- **Mga benepisyo sa permanenteng pagkapinsala:** Mga kabayaran kung hindi ka ganap na gumaling.
- **Mga karagdagang benepisyo sa pagbago ng trabaho** (supplemental job displacement benefit) (kung ang petsa ng iyong pinsala ay noong 2004 o mas matagal pa): Ang mga vouchers ay makakatulong sa pagbayad para sa muling pagsasanay o pagpapahusay ng kakayahan kung hindi ka tuluyang gagaling at hindi na makakabalik sa trabaho sa iyong pinagtatrabahuhan.
- **Mga benepisyo sa pagkamatay:** Ang mga kabayarn sa iyong asawa, mga anak o mga iba pang nakadepende sa iyon kung mamamatay ka dahil sa pinsala o karamdaman dahil sa trabaho.

Ano ang kailangan kong gawin kung napinsala ako sa trabaho?

Ipagbigay-alam ang pinsala sa iyong pinagtatrabahuhan

Sabihin kaagad sa iyong superbisor. Kung ang iyong pinsala o karamdaman ay natamo nang dahan-dahan (tulad ng tendinitis o pagkapinsala ng pandinig), ireport sa lalong madaling panahon kung iyong nalaman o naniniwalang ito ay dulot ng iyong trabaho.



Kuha ni Robert Gumpoert

Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho



Tumutulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa



Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga paghahabol

Humingi ng pang-emergency na paggamot kung kinakailangan

Kung ito ay isang medikal na emergency, pumunta kaagad sa emergency room. Maaaring papayuhan ka ng iyong pinagtatrabahun kung saan ka pupunta para magamot. Sabihin sa tagapagdulong pangangalagang pangkalusugan na gagamot sa iyo na ang iyong pinsala o karamdaman ay may kaugnayan sa trabaho.

Sagutan ang form ng paghahabol at ibigay ito sa iyong pinagtatrabahun Dapat na bigyan o padalhan ka ng form ng paghahabol (claim form) sa loob ng isang araw ng trabaho pagtapos nitong malaman ang tungkol sa iyong pinsala o karamdaman. Gamitin ito para humiling ng mga benepisyo sa pagkakapinsala sa trabaho.

Humingi ng mabuting medikal na pangangalaga

Humingi ng mabuting medikal na pangangalaga para matulongan kang gumaling. Kailangan kang magamot ng isang doktor na nakakaunawa ng iyong partikular na uri ng pinsala o karamdaman. Sabihin sa doktor ang tungkol sa iyong mga sintomas at mga kaganapan sa trabaho na pinaniniwalaan mong naging sanhi nito. Ilawaran rin ang iyong trabaho at inyong paligid sa trabaho.

Natatakot akong baka tanggalin ako sa trabaho dahil sa aking pinsala. Matatatanggal ba ako ng aking pinagtatrabahun?

Iligal para sa iyong pinagtatrabahun na parusahan o tanggalin ka sa trabaho para sa pagkakaroon ng pinsala na dulot ng trabaho, o sa pagsampa ng paghahabol ng mga benepisyo sa pagkakapinsala sa trabaho ng manggagawa kung naniniwala kang ang iyong pinsala ay dulot ng iyong trabaho.

Kung sa pakiramdam mo ay nanganganib ang iyong trabaho, humanap ng isang taong makakatulong. Alalahaning may mga deadline para sa pagkilos para maprotektahan ang iyong mga karapatan.

Ang California Division of Workers' Compensation (DWC) ay isang ahensiya ng estado na nagbabantay sa pagdulot ng mga benepisyo para sa mga napinsalang manggagawa at tumutulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo na namamagitan sa napinsalang manggagawa at mga pinagtatrabahun.

Ang mga opisyal sa impormasyon at tulong ng DWC (I & A) ay makakatulong sa iyong siyasatin ang sistema sa kabayaran sa pagkakapinsala sa trabaho ng manggagawa, at makakapagbigay ng mga form sa paghahabol o mga iba pang form na kakailanganin mo para makatanggap ng mga benepisyo.

Ang LIBRENG publikasyon "A Guidebook for Injured Workers," (Gabay para sa Napinsalang Manggagawa) ay maaaring i-download mula sa www.dwc.ca.gov.



Tumawag sa 1-800-736-7401 para marinig ang mga nakarekord na mga impormasyon ng iba't ibang paksa sa kabayaran sa pagkakapinsala ng manggagawa sa trabaho 24 oras sa isang araw, o pumunta online sa www.dwc.ca.gov para mahanap ang pinakamalapit sa iyong tanggapan ng I & A.

*Mangyaring bumisita sa
Division of Workers' Compensation
Web site sa: www.dwc.ca.gov
tumawag sa 1-800-736-7401*

Fact sheet B ng Dibisyon ng Kabayaran sa Mga Manggagawa

Talahulugan ng mga termino ng kabayaran sa mga manggagawa para sa mga manggagawang napinsala

Tinanggap na claim: Isang claim na kung saan sumasang-ayon ang kompanya ng insurance na ang iyong pinsala o sakit ay sakop ng kabayaran sa mga manggagawa. Kahit pa tinanggap ang iyong claim, maaaring magkaroon ng mga pagkaantala o iba pang problema. Tinatawag din itong pinahintulutang claim.

Administratibong direktor (AD): Taong namumuno sa pagpapatakbo ng Dibisyon ng Kabayaran sa Mga Manggagawa.

Agreed medical evaluator (AME): Kung mayroon kang abogado, ang AME ay ang doktor na sasang-ayunan ng iyong abogado at ng kompanya ng insurance, na siyang magsasagawa ng medikal na pagsusuri na makakatulong sa pagresolba ng iyong reklamo. Kung wala kang abogado, gagamit ka ng qualified medical evaluator o kwalipikadong medikal na tagasuri (QME). Tingnan ang QME.

Alternatibong trabaho: Isang bagong trabaho sa iyong dating employer. Kung sasabihin ng iyong doktor na hindi ka na maaaring bumalik sa iyong dating trabaho sa panahon ng iyong pagkapinsala, hinihikayat ang iyong employer na bigyan ka ng alternatibong trabaho sa halip na mga karagdagang benepisyo dahil sa kawalan ng trabaho o mga benepisyo sa rehabilitasyon ng hanapbuhay. Ang alternatibong trabaho na ito ay dapat na tumutugon sa iyong mga limitasyon sa trabaho, tumagal nang hindi bababa sa 12 buwan, magbabayad ng hindi bababa sa 85 porsento ng iyong sahod at mga benepisyo na ibinayad sa iyo noong panahon ng iyong pagkakapinsala, at may makatuwirang layo mula sa iyong lugar-panirahan sa panahon ng pinsala.

American Medical Association (AMA): Isang pambansang grupo ng mga doktor. Naglilimbag ang AMA ng hanay ng mga alituntunin na tinatawag na "Mga Gabay sa Pagsusuri ng Permanenteng Paghina ng Katawan." Kung ang iyong permanenteng pagkabalda ay nakahanay sa ilalim ng iskedyul sa paghahanay ng 2005, obligado ang doktor na tukuyin ang antas ng iyong kahinaan gamit ang mga gabay ng AMA.

Americans with Disabilities Act (ADA): Isang pederal na batas na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga taong may pagkabalda. Kung naniniwala kang ikaw ay biktima ng diskriminasyon sa trabaho dahil mayroon kang pagkabalda at nais mong makakuha ng impormasyon hinggil sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ADA, kumontak sa opisina ng Komisyon ng U.S. para sa Patas na Oportunidad sa Pagtatrabaho (EEOC). Para sa opisina ng EEOC sa iyong lugar, tawagan ang 1-800-669-4000 o 1-800-669-6820 (TTY).

AOE/COE (Arising out of and occurring in the course of employment): Ang iyong pinsala ay dapat na ibinunga ng at nangyari habang nasa trabaho.

Appeals board: Grupo ng pitong komisyoner na itinalaga ng gobernador upang suriin at muling isaalang-alang ang mga desisyon ng mga husgado ng administratibong batas sa kabayaran sa mga manggagawa. Tinatawag rin bilang Reconsideration Unit. Tingnan ang Workers' Compensation Appeals Board.

Aplikante: Ang partido – madalas na ikaw – na nagbukas ng kaso sa lokal na opisina ng Workers' Compensation Appeals Board (WCAB) sa pamamagitan ng pagfa-file ng aplikasyon para sa paglalabas ng hatol para sa claim.

Abogado ng aplikante: Abogado na kayang kumatawan sa iyo sa iyong kaso sa kabayaran sa mga manggagawa. Ang aplikante ay tumutukoy sa iyo, ang napinsalang manggagawa.

Aplikasyon para sa paglalabas ng hatol para sa claim (aplikasyon o app): Form na iyong ifina-file upang magbukas ng kaso sa lokal na opisina ng Workers' Compensation Appeals Board (WCAB) kung mayroon kang pagtutol sa kompanya ng insurance hinggil sa iyong claim.

Pagbabaha-bahagi (Apportionment): Paraan ng pagtukoy kung gaano kalaking bahagi ng iyong permanenteng pagkabalda ang ibinunga ng iyong pinsala sa trabaho at gaano kadami ang ibinunga ng iba pang mga pagkabalda.

Audit Unit: Yunit sa loob ng DWC na tumanggap ng mga reklamo laban sa mga administrador ng mga claim. Ang mga reklamong ito ay maaaring humantong sa mga imbestigasyon ng paraan ng kompanya sa paghawak ng mga claim.

Abiso sa Benepisyo: Isang sulat o form na kailangang ipadala sa iyo ng kompanya ng insurance upang abisuhan ka hinggil sa mga benepisyo na maaaring karapat-dapat mong matanggap. Tinatawag ding abiso.

Cal/OSHA: Yunit sa loob ng Division of Occupational Safety and Health (DOSH) ng estado. Sinusuri ng Cal/OSHA ang mga lugar ng trabaho at pinapatupad nito ang mga mga batas upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa California.

Seksyon 132a ng California Labor Code: Batas sa kabayaran sa mga manggagawa na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa iyo dahil nag-file ka ng claim para sa kabayaran sa mga manggagawa, at laban sa mga kapwa manggagawang maaaring tumestigo laban sa iyong kaso.

Carve-out: Ang mga programang carve out (o paglikha ng mas maliit na kompanya sa loob ng isang kompanya) ay nagpapahintulot sa mga employer at unyon na lumikha ng kanilang mga sariling alternatibo sa pagbibigay ng benepisyong kabayaran sa mga manggagawa at pagresolba ng alitan sa ilalim ng collective bargaining agreement.

Claim form (DWC-1): Form na ginagamit upang mag-ulat ng pinsala o sakit dahil sa trabaho sa iyong employer.

Claims adjuster: Tingnan ang claims administrator.

Claims administrator: Katawagan sa mga kompanya ng insurance at iba pang humahawak sa iyong claim na kabayaran sa mga manggagawa. Karamihan ng mga claim administrator ay nagtatrabaho sa mga kompanya ng insurance o mga ikatlong-partidong administrator na humahawak ng mga claim para sa mga employer. Ang ilang claim administrator ay direktang nagtatrabaho sa malalaking employer na humahawak ng kanilang mga sariling claim. Tinatawag rin bilang claims examiner o claims adjuster.

Claims examiner: Tingnan ang claims administrator.

Commission on Health and Safety and Workers' Compensation (CHSWC): Lupon na itinalaga ng estado na naglulunsad ng mga pag-aaral at gumagawa ng mga rekomendasyon upang pabutihin ang mga sistema ng California sa kabayaran sa mga manggagawa at kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Commutation: Isang atas ng husgado ng kabayaran sa mga manggagawa para sa kabayaranang lump sum ng bahagi o lahat ng iyong matatanggap para sa permanenteng pagkabalda.

Compromise and release (C&R): Tipo ng kasunduan kung saan makakatanggap ka ng lump sum na kabayaran at magiging responsable sa pagbabayad ng iyong pagpapagamot sa hinaharap. Ang kasunduang tulad nito ay dapat inaaprubahan ng isang husgado ng kabayaran sa mga manggagawa.

Cumulative injury (CT): Pagkabalang idinulot ng paulit-ulit na mga pangyayari o paulit-ulit na pagkakatamad sa trabaho. Halimbawa, ang pagdulot ng pinsala sa iyong pulso dahil sa paulit-ulit na kilos o kaya ay pagkawala ng iyong pandinig dahil sa tuluy-tuloy na ingay.

Petsa ng pinsala: Kailan ka nasaktan o nagkasakit. Kung ang iyong pinsala ay ibinunga ng iisang pangyayari, ang petsa kung kailan ito nangyari ay ang petsa ng pinsala. Kung ang pinsala o sakit ay ibinunga ng paulit-ulit na pagkakatamad (isang kumulatibong pinsala), ang petsa ng pinsala ay ang petsang nalaman mo o dapat ay nalaman mo nang dahil sa trabaho ang pinsala.

Mga benepisyo sa pagkamatay: Mga benepisyong ibinibigay sa mga buhay na dependent kapag ang isang pinsala o sakit dahil sa trabaho ay humantong sa pagkamatay.

Deklarasyon ng pagiging handa/Declaration of readiness (DOR o DR): Form na ginagamit upang mag-request ng pagdinig sa harap ng isang husgado ng kabayaran sa mga manggagawa kapag handa ka nang ayusin ang isang pagtatalo.

Defendant: Ang partido – kadalasang iyong employer o ang kanyang kompanya ng insurance – na lumalaban sa iyo sa isang pagtatalo sa mga benepisyo o serbisyo.

Delay letter: Sulat na ipinadala o ipadadala sa iyo ng kompanya ng insurance na nagpapaliwanag kung bakit naantala ang mga pagbabayad. Sinasabi rin sa iyo ng sulat kung anong impormasyon ang kailangan bago maipadala ang mga kabayaran at kailan magkakaroon ng desisyon hinggil sa mga kabayaran.

Natanggihang claim: Claim kung saan naniniwala ang kompanya ng insurance na ang iyong pinsala o sakit ay hindi sakop ng kabayaran sa mga manggagawa at ipinaalam sa iyo ang desisyon.

Paglalarawan sa mga tungkulin sa trabaho ng empleyado (DWC form # AD 10133.33): Form na pupunuan ng employer at empleyado upang ilarawan ang mga tungkulin sa trabaho ng empleyado. Ang form ay susuriin ng isang doktor upang matukoy kung kayang bumalik ng empleyado sa trabaho.

Pagkabalda: Pisikal o mental na pagkabalda na naglilimita sa iyong mga aktibidad sa buhay. Isang kondisyon na nagpapahirap sa iyong lumahok sa mga aktibidad na pisikal, sosyal at pangtrabaho.

Yunit sa Pagsusuri ng Pagkabalda o Disability Evaluation Unit (DEU): Yunit ng DWC na nagkalkula ng porsyento ng permanenteng pagkabalda batay sa mga medikal na ulat. Tingnan ang disability rater o tagasuri ng pagkabalda.

Disability management: Proseso upang pigilan ang pagkakaroon ng pagkabalda o paggawa ng lunas nang maaga, kasunod ng pagsisimula ng isang pagkabalda, upang hikayatin at suportahan ang tuluy-tuloy na pagtatrabaho. Ginagawa ito sa maagang bahagi ng proseso ng pagpapagaling sa mga malulubhang kaso ng pinsala tulad ng mga pinsala sa spine. Kadalasan, tutulungan ka ng isang rehabilitation nurse at iniuulat sa kompanya ng insurance ang iyong tagagamot na doktor at ang progreso ng iyong pagpapagamot.

Tagasuri ng pagkabalda: Empleyado ng Yunit sa Pagsusuri ng Pagkabalda ng DWC na magsusuri sa iyong permanenteng pagkabalda matapos suriin ang medikal na ulat o mediko-ligal na ulat na naglalarawan sa iyong kondisyon.

Disability rating o Rating Ng Pagkabalda: Tingnan ang rating ng permanenteng pagkabalda.

Discrimination claim (Labor Code 132a): Petisyong ifina-file kapag sinisante ka ng iyong employer o kung hindi ay diniskrimina ka dahil sa iyong pagfa-file ng claim sa kabayaran sa mga manggagawa.

Pagtatalo: Isang pagtatalo hinggil sa iyong mga karapatan sa mga kabayaran, serbisyo, o iba pang benepisyo.

Division of Workers' Compensation (DWC) o Dibisyon ng Kabayaran sa Mga Manggagawa: Isang dibisyon sa loob ng Department of Industrial Relations (DIR) ng estado. Ang DWC ang nangangasiwa sa mga batas sa kabayaran sa mga manggagawa, nag-aayos ng mga pagtatalo sa mga benepisyong kabayaran sa mga manggagawa, at nagbibigay ng impormasyon at tulong sa mga manggagawang napinsala at iba pang tungkol sa sistema ng kabayaran sa mga manggagawa.

Electronic Adjudication Management System (EAMS): Isang system sa kompyuter na ginagamit upang pasimplehin at pabutihin ang proseso ng pangangasiwa ng mga kaso ng Dibisyon ng Kabayaran sa Mga Manggagawa o Division of Workers' Compensation.

Empleyado: Taong ang mga aktibidad sa trabaho ay napapailalim sa kontrol ng isang indibidwal o entidad. Kabilang sa mga tinatawag na empleyado ang mga hindi dokumentadong manggagawa at menor-de-edad.

Employer: Tao o entidad na kumokontrol sa iyong mga aktibidad sa trabaho.

Ergonomics: Pag-aaral sa kung paanong pabubutihin ang pagkakatugma ng mga pisikal na pangangailangan ng lugar ng trabaho at mga empleyadong gumagawa ng trabaho. Ibig sabihin nito ay pagsasaalang-alang sa pagkakaiba-iba sa mga kakayahan ng tao kapag pumipili, nagdidisenyo, o nagpapaganda ng kagamitan, mga tool, mga gawain sa trabaho at ang kapaligiran sa trabaho.

Mahahalagang tungkulin: Mga tungkuling itinuturing na napakahalaga sa trabahong gusto mo o mayroon ka. Kapag isinasaalang-alang para sa alternatibong trabaho, kailangang mayroon kang mga kwalipikasyong pisikal at mental upang matugunan ang mahahalagang tungkulin ng trabaho.

Fair Employment and Housing Act (FEHA): Batas ng estado na nagbabawal sa diskriminasyon laban sa mga taong may pagkabalda. Kung naniniwala kang naging biktima ka ng diskriminasyon sa trabaho dahil mayroon kang pagkabalda at nais mong makakuha ng higit pang impormasyon hinggil sa iyong mga karapatan sa ilalim ng FEHA, kontakin ang Departamento ng Patas na Trabaho at Pabahay o Department of Fair Employment and Housing ng estado sa 1-800-884-1684. Sa ilang mga kaso, nagbibigay ang FEHA ng higit na proteksyon kaysa sa federal na Americans with Disabilities Act (ADA).

Family and Medical Leave Act (FMLA): Isang pederal na batas na nagbibigay sa ilang partikular na empleyado na may malubhang problema sa kalusugan o kailangang mag-alaga ng anak o iba pang kapamilya nang may umaabot sa 12 linggo ng hindi-bayad, protektadong trabaho kada taon. Inoobliga rin nito na ang mga benepisyong pangkalusugan ay panatilihin sa panahon ng leave. Para sa higit pang impormasyon, kontakin ang U.S. Department of Labor sa 1-866-4-USA-DOL.

Pagfa-file: Pagpapadala o pagdadala ng dokumento sa isang employer o ahensiya ng gobyerno bilang bahagi ng ligal na proseso. Ang petsa ng pagfa-file ay ang petsa kung kailan natanggap ang dokumento.

Pinal na kautusan: Anumang kautusan, desisyon o award na isinagawa ng husgado ng kabayaran sa mga manggagawa na hindi inapila sa napapanahong paraan.

Mga finding & award (F&A): Nakasulat na desisyon ng isang husgado ng administratibong batas sa kabayaran sa mga manggagawa hinggil sa iyong kaso, kabilang ang mga kabayaran at pagpapagamot sa hinaharap na dapat ibigay sa iyo. Ang F&A ay nagiging pinal na kautusan maliban kung inapila.

Panloloko: Anumang sinadyang huwad o mapanlinlang na pahayag na may layuning makamtan o itanggi ang mga benepisyong kabayaran sa mga manggagawa. Ang parusa para sa panloloko ay multang aabot sa \$150,000 at/o pagkakakulong nang hanggang limang taon.

Future medical: Kasalukuyang karapatan sa pagpapagamot ng pinsalang may kaugnayan sa trabaho.

Health care organization (HCO): Organisasyong sinertipikahan ng Department of Industrial Relations upang magbigay ng pinangangasiwaang medikal na pangangalaga sa loob ng sistema ng kabayaran sa mga manggagawa.

Mga Pagdinig: Mga ligal na paglilitis kung saan tinatalakay ng husgado ng kabayaran sa mga manggagawa ang mga usapin sa isang kaso o tumatanggap ng impormasyon upang makagawa ng desisyon hinggil sa isang pagtatalo o minumungkahing kasunduan.

Uri ng Pagkabalda: Isang tantiyang porsyento kung gaano kadami ng iyong normal na paggamit ng iyong mga napinsalang bahagi ng katawan ang nawala sa iyo. Ang mga rating ng pagkabalda ay ibinabatay sa mga alituntuning inilimbag ng American Medical Association (AMA). Ang isang rating ng pagkabalda ay ginagamit upang kalkulahan ang iyong rating ng permanenteng pagkabalda ngunit iba rating ng permanenteng pagkabalda.

In pro per: Manggagawang napinsala na hindi kinakatawan ng isang abogado.

Independent bill review (IBR): Isang prosesong hindi pormal upang ayusin ang mga pagtatalo sa billing sa pamamagitan ng isang independent na ikatlong partido na kinontrata ng DWC.

Independent na kontraktor: Walang takdang depinisyon ng terminong ito. Tumitingin ang mga ahensya sa pagpapatupad ng batas paggawa at mga korte sa iba't ibang salik kapag nagpapasya kung ang isang tao ay isang empleyado o isang independent na kontraktor. Ang ilang employer ay ipinagkakamaling ihanay ang mga empleyado bilang independent na kontraktor upang umiwas sa mga pananagutan sa kabayaran sa mga manggagawa at iba pang dapat bayaran. Hindi dahil sinabi ng employer na isa kang independent na kontraktor at hindi sila obligadong sakupin ka ng patakaran sa kabayaran sa mga manggagawa ay totoo na ito. Ang isang tunay na independent na kontraktor ay may kontrol kung paano isasagawa ang kanilang trabaho. Malamang na hindi ka isang independent na kontraktor kung ang taong nagbabayad sa iyo ay:

- Kumokontrol sa mga detalye o paraan ng iyong pagtatrabaho
- May karapatang tanggalin ka sa trabaho
- Nagbabayad ng orasang sahod o sweldo
- Nagkakaltas ng mga deduction para sa kawalan ng trabaho o Social Security
- Nagsusuplay ng mga materyales o kagamitan
- Nag-oobliga sa iyong pumasok sa trabaho sa mga partikular na araw o oras

Independent medical review (IMR) o Independent na Pagsusuring Medikal: Isang prosesong hindi pormal upang ayusin ang mga usapin sa pagpapagamot sa pamamagitan ng isang independent na ikatlong partido na kinontrata ng DWC. Tanging ang isang napinsalang manggagawa ang maaaring mag-request ng IMR kung ang kanilang request sa pagpapagamot ay tinanggihan, binago, o naantala.

Independent medical review organization (IMRO) o Independent na organisasyon para sa pagsusuring medikal: Ang organisasyong ito ang tumutukoy kung ang isang kaso ay karapat-dapat para sa pagsusuring medikal. Kung ang kaso ay karapat-dapat, ipapaalam ng organisasyon sa mga partido ang mga mahahalagang impormasyon kabilang na kung ito ay isang regular o pinabilis na pagsusuri at ang mga dokumentong kailangang ibigay upang magsagawa ng pagsusuri.

Information & Assistance (I&A) officer o opisyal ng impormasyon at tulong: Isang empleyado ng DWC na sumasagot sa mga tanong, tumutulong sa mga napinsalang manggagawa, nagbibigay ng mga nakasulat na materyales, nagsasagawa ng mga informational workshop at naglulunsad ng mga pulong upang ayusin, sa hindi pormal na paraan, ang mga usapin sa mga claim.

Information & Assistance Unit (I&A) o Yunit sa Impormasyon & Tulong: Isang yunit sa loob ng DWC na nagbibigay ng impormasyon sa lahat ng partido sa mga claim sa kabayaran sa mga manggagawa at nag-aayos ng mga pagtatalo sa hindi pormal na paraan.

Injury and illness prevention program (IIPP): Programa sa kalusugan at kaligtasan na kailangang buuin at ipatupad ng mga employer. Ang programang ito ay ipinapatupad ng Cal/OSHA.

Husgado: Tingnan ang workers' compensation administrative law judge o husgado ng administratibong batas sa kabayaran sa mga manggagawa.

Lien: Karapatan o claim sa kabayaran laban sa kaso ng kabayaran sa mga manggagawa. Ang isang claimant ng lien, tulad ng tagapagbigay ng serbisyong medikal, ay maaaring mag-file ng form sa lokal na Workers' Compensation Appeals Board upang mag-request ng kabayaran ng halagang dapat bayaran dahil sa isang kaso ng kabayaran sa mga manggagawa.

Activation fee ng lien: Kabayaranang hinihingi ng isang claimant ng lien para sa mga lien na nai-file bago ang Enero 1, 2013. Ang kabayaranang ito ay dapat bayaran kapag nai-file ang DOR, kapag nagpapakita sa isang kumperensya para sa lien o bago ang Enero 1, 2014, kung hindi, madi-dismiss ang lien.

Kabayaran sa pag-file ng lien: Ang lahat ng lien na nai-file matapos ang Enero 1, 2013 ay dapat magbayad ng kabayaran sa pag-file para sa mga lien na may kaugnayan sa pagpapagamot.

Mandatory settlement conference (MSC): Kumperensyang kinakailangan upang talakayin ang kasunduan bago ang isang paglilitis.

Maximal medical improvement (MMI): Ang iyong kondisyon ay mahusay na nagpapakatag at malamang na hindi magkaroon ng malaking pagbabago sa susunod na taon, mayroon man o walang pagpapagamot. Kapag nakamit mo ang MMI, maaaring suriin ng doktor kung gaano kadami, kung mayroon man, ang permanenteng pagkabalda na naidulot ng iyong pinsala dahil sa trabaho.

Mediation conference: Isang boluntaryong kumperensyang inilulunsad sa harap ng isang opisyal sa I&A upang ayusin ang isang pagtatalo kung hindi ka kinakatawan ng isang abogado.

Medical care o medikal na pagpapagamot: Tingnan ang medical treatment o pagpapagamot.

Mediko-ligal na ulat: Isang ulat na isinulat ng doktor na naglalarawan sa iyong medikal na kondisyon. Ang mga ulat na ito ay isinusulat upang makatulong sa paglilinaw hinggil sa mga usaping medikal na pinagtatalunan.

Medical mileage: Karapat-dapat ka sa reimbursement ng mileage (kabilang ang parking at mga toll) para sa mga medikal na appointment, therapy, pagpunta sa pharmacy at iba pang pagbiyahe na may kaugnayan sa pagpapagamot.

Medical provider network (MPN): Isang entidad o grupo ng mga tagapagbigay ng serbisyong medikal na binuo ng isang insurer o employer na self-insured at inaprubahan ng administratibong direktor ng DWC upang gamutin ang mga manggagawang napinsala sa trabaho.

Medikal na pagpapagamot: Pagpapagamot na makatuwirang kinakailangan upang gamutin o pahupain ang mga epekto ng pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho. Tinatawag ring medical care.

Medical Unit: Isang yunit ng DWC na nangangasiwa sa mga medical provider network (MPN), mga doktor para sa independent medical review (IMR), mga health care organization (HCOs), mga qualified medical evaluator (QMEs), mga panel QME, mga plano sa pagsusuri sa paggamit o utilization review (UR) plan, at mga doktor para sa ikalawang opinyon hinggil sa operasyon ng spin o spinal surgery second opinion physician.

Binagong trabaho o modified work: Ang dati mong trabaho, na may ilang mga pagbabago upang mapahintulutan kang gawin ito. Kung sasabihin ng doktor na hindi ka na maaaring bumalik sa dati mong trabaho sa panahon ng pagkakapinsala, hinihikayat ang iyong employer na magbigay sa iyo ng binagong trabaho sa halip na dagdag na benepisyong sa kawalan ng trabaho.

Nontransferable na voucher: Dokumentong makukuha mo sa kompanya ng insurang na dapat kompletuhin niyo ng kompanya ng insurance. Ito ang dokumentong ginagamit upang magbigay ng kabayaran para sa edukasyon sa ilalim ng programang dagdag na benepisyong para sa kawalan ng trabaho.

Abiso: Tingnan ang abiso sa benepisyong.

Mga obhetibong salik: Ang mga sukat, direktang obserbasyon at mga resulta ng pagsusuri na sinasabi ng isang doktor na tagagamot, QME o AME ay nag-aambag sa iyong permanenteng pagkabalda.

Off calendar (OTOC): Isang kasong WCAB kung saan walang nakabinbin na aksyon.

Pag-aalok ng binago o alternatibong trabaho (DWC-AD10133.53): Form na makukuha mo sa kompanya ng insurance kung: ikaw ay napinsala sa pagitan ng Enero 1, 2004 at Disyembre 31, 2012 at; inuulat ng iyong doktor na tagagamot na mayroon kang permanenteng pagkabalda at; kung nag-aalok ng binago o alternatibong trabaho ang iyong employer sa halip na bigyan ka ng dagdag na benepisyong para sa kawalan ng trabaho. Ipinaliliwanag din ng form na ito kung paanong mababawasan ng 15 porsyento ang iyong mga kabayaran para sa permanenteng pagkabalda dahil ibinabalik ka ng iyong employer sa trabaho.

Pag-aalok ng regular, binago o alternatibong trabaho (DWC-AD10133.35): Form na makukuha mo sa kompanya ng insurance kung: napinsala ka noong o pagkatapos ng Enero 1, 2013 at; ang iniuulat ng iyong doktor na tagagamot na mayroon kang permanenteng pagkabalda at; nag-aalok ang iyong employer ng regular, binago o alternatibong trabaho sa halip na bigyan ka ng dagdag na benepisyong para sa kawalan ng trabaho.

Panel qualified medical evaluator (QME) o tagasuring medikal na kwalipikado sa panel: Listahan ng tatlong independent na qualified medical evaluators (QMEs) na inilabas ng DWC Medical Unit. Pipili ka ng alinman sa tatlong doktor para sa iyong pagsusuri. Kung mayroon kang abogado, ia-apply ang iba pang mga patakaran.

Party o partido: Karaniwang kabilang dito ang kompanya ng insurance, ang iyong employer, mga abogado at sinumang ibang tao na may interes sa iyong claim (mga doktor o ospital na hindi nabayaran).

Penalty o multa: Halaga ng perang matatanggap mo dahil mayroong maling nagawa sa iyong claim. Ang penalty o multa, na babayaran ng iyong employer o kompanya ng insurance, ay maaaring awtomatikong 10 porsyento para sa pagkaantala ng isang kabayaran sa iyo, o 25 porsyentong multa – na aabot sa \$10,000 – para sa hindi makatuwirang pagkaantala.

Permanent at stationary (P&S): Naabot na ng iyong medikal na kondisyon ang ruok ng medikal na pagbuti. Kapag ikaw ay P&S, maaaring suriin ng doktor kung gaano, kung mayroon man, ang permanenteng pagkabalda na ibinunga ng iyong pagkapinsala sa trabaho. Kung ang iyong pagkabalda ay inihanay sa ilalim ng 2005 na schedule makikita mo ang terminong maximal medical improvement (MMI) na ginagamit sa halip na P&S. Tingnan din ang ulat na P&S.

Permanenteng pagkabalda o disabilidad (PD): Anumang tumatagal na pagkabalda na humahantong sa bawas na kakayahang kumita matapos maabot ang maksimum na medikal na pagbuti.

Permanent disability advance (PDA) o paunang kabayaran para sa permanenteng pagkabalda: Isang *boluntaryong* lump sum ng kabayaran para sa permanenteng pagkabalda na dapat mong tanggapin sa hinaharap.

Benepisyo para sa permanenteng pagkabalda o permanent disability (PD) benefits: Mga kabayaranang iyong matatanggal kapag permanenteng nililimitahan ng iyong pagkapinsala sa trabaho ang uri ng trabahong iyong magagawa o ang iyong kakayahang kumita ng kabuhayan.

Mga kabayaran para sa permanenteng pagkabalda o permanent disability payments: Kabayaran na ibinibigay nang dalawang beses kada isang linggo batay sa hindi pinagtatalunang bahagi ng permanenteng pagkabalda na natanggap dati at/o matapos mailabas ang isang award.

Permanent disability rating (PDR) o rating ng permanenteng pagkabalda: Porsyentong nagtatantiya kung gaanong permanenteng nalilimitahan ng pagkapinsala sa trabaho ang mga uri ng trabahong iyong kayang gawin. Nakabatay ito sa iyong medikal na kondisyon, petsa ng pagkapinsala, edad noong napinsala, trabaho noong napinsala, gaano kalaking bahagi ng pagkabalda ang idinulot ng iyong trabaho, at ang iyong pinaliit na kakayahang kumita sa hinaharap. Tinutukoy nito ang bilang ng linggo kung saan karapat-dapat kang makatanggap ng mga benepisyo para sa permanenteng pagkabalda.

Permanent disability rating schedule (PDRS): Publikasyon ng DWC na may detalyadong impormasyong ginagamit sa pag-rate ng mga permanenteng pagkabalda. Isa sa tatlong schedule ang gagamitin upang i-rate ang iyong pagkabalda, depende kung kailan ka napinsala.

Permanent partial disability award o award para sa permanenteng bahagyang pagkabalda: Pinal na award para sa permanenteng bahagyang pagkabalda na ginawa ng huwes ng kabayaran sa mga manggagawa o ng Workers' Compensation Appeals Board.

Permanent partial disability (PPD) benefits o mga benepisyo para sa permanenteng bahagyang pagkabalda: Mga kabayaranang matatanggap mo kung bahagyang nililimitahan ng iyong pagkapinsala sa trabaho ang mga uri ng trabahong kaya mong gawin o ang iyong kakayahang kumita ng kabuhayan.

Permanent total disability (PTD) benefits o mga benepisyo para sa permanenteng buong pagkabalda: Mga kabayaranang matatanggap mo kapag itinuturing kang permanenteng hindi na kayang kumita ng kabuhayan.

Personal physician o personal na doktor: Lisensyadong doktor sa California na may M.D. degree (medical doctor) o D.O. degree (osteopath), na gumamot sa iyo sa nakaraan at hawak ang iyong mga medikal na rekord.

Petition for reconsideration (Recon) o petisyon para sa muling pagsasaalang-alang: Lugal na proseso sa pag-apila ng desisyong inilabas ng isang husgado sa kabayaran sa mga manggagawa. Dinidinig ito ng Workers' Compensation Appeals Board Reconsideration Unit, isang hudisyal na lupon na may pitong miyembro, na itinalaga ng gobernador at kinumpirma ng Senado.

Physician o doktor: Medikal na doktor, osteopath, psychologist, acupuncturist, optometrist, dentista, podiatrist, o chiropractor na lisensyado sa California. Ang depinisyon ng personal physician ay mas limitado. Tingnan ang personal physician.

Physician's report of permanent and stationary status and work capacity (DWC form #AD 10133.36) o ulat ng doktor sa permanent at stationary status at kakayahang magtrabaho: Form na pupunuan ng doktor upang buong ipaalam sa employer ang mga kakayahan sa pagtatrabaho at mga restriksyon sa aktibidad na idinulot ng pagkapinsala na may kaugnayan sa potensyal na regular na trabaho, binagong trabaho o alternatibong trabaho.

Pre-designated physician o doktor na nauna nang naitalaga: Doktor na makakagamot sa iyong pagkapinsala sa trabaho kung ipapaalam mo sa iyong employer nang nakasulat bago pa man ang iyong pagkapinsala o pagkakasakit dahil sa trabaho, at kung matutugunan ang ilang mga partikular na kondisyon. Tingnan ang pre-designation.

Pre-designation o paunang pagtatalaga: Prosesong ginagamit upang sabihan ang iyong employer na gusto mong ang iyong personal na doktor ang gagamot sa iyo kapag nagkaroon ka ng pinsala dahil sa trabaho. Maaari mong paunang italaga ang iyong personal na doktor ng medisina (M.D.) o doktor ng osteopathy (D.O.) kung: sakop ka ng isang health insurance; nagamot ka na ng doktor sa nakaraan at hawak niya ang iyong mga medikal na rekord; bago ang pinsala, sumang-ayon ang doktor na gamutin ka para sa mga pinsala o sakit dahil sa trabaho at; bago ang pagkapinsala, ibinigay mo ang sumusunod, nang nakasulat, sa iyong employer:

- (1) Abiso na gusto mong ang iyong personal na doktor ang gagamot sa iyo para sa anumang pagkapinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho at
- (2) Ang pangalan at business address ng iyong personal na doktor.

Primary treating physician (PTP) o primaryang doktor na tagagamot: Doktor na may pangkalahatang pananagutan sa paggagamot sa iyong pagkapinsala o sakit dahil sa trabaho. Ang doktor na ito ang magsusulat ng mga medikal na ulat na maaaring makaapekto sa iyong mga benepisyo. Tinatawag rin bilang treating physician o treating doctor, o doktor na tagagamot.

Proof of service o pruwera ng serbisyo: Form na ginagamit upang ipakitang nagpadala ng mga dokumento sa mga partikular na partido.

P&S report o ulat hinggil sa P&S: Medikal na ulat na isinusulat ng doktor na tagagamot na naglalarawan sa iyong medikal na kondisyon kapag maayos na ang kalagayan nito. Tingnan din ang permanent and stationary.

Qualified medical evaluator (QME) o kwalipikadong medikal na tagasuri: Independent na doktor na sertipikado ng Medikal na Yunit ng DWC na magsasagawa ng mga pagsusuri.

Rating: Tingnan ang rating ng permanenteng pagkabalda.

Reconsideration o muling pagsasaalang-alang: Tingnan ang petition for reconsideration o petisyon para sa muling pagsasaalang-alang.

Reconsideration of a summary rating o muling pagsasaalang-alang ng summary rating: Prosesong ginagamit kung wala kang abogado at sa tingin mo ay mayroong mga pagkakamali sa pagtatakda ng iyong rating ng permanenteng pagkabalda.

Reconsideration Unit o yunit ng muling pagsasaalang-alang: Tingnan ang appeals board.

Regular work o regular na trabaho: Ang iyong dating trabaho, na nagbabayad ng parehong sahod at benepisyo tulad ng ibinabayad sa panahon ng pagkakapinsala at nasa makatuwirang layo mula sa iyong lugar-panirahan sa panahon ng iyong pagkakapinsala.

Request for authorization (RFA) o request para sa awtorisasyon: Form na ginagamit ng doktor na tagagamot upang abisuhan ang administrador ng claims ng mga kinakailangang serbisyong medikal.

Restrictions o mga restriksyon: Tingnan ang mga restriksyon sa trabaho.

Return to work program o programa sa pagbalik sa trabaho: Kung magbubunga ng permanenteng pagkabalda ang iyong pagkapinsala at natukoy ng estado na ang iyong benepisyo sa permanenteng pagkabalda ay sobrang baba kumpara sa halaga ng kita na nawala sa iyo, maaari kang maging kwalipikado para sa karagdagang pera mula sa programa sa espesyal na dagdag na tulong para sa mga nawalang kita ng Department of Industrial Relations, na tinatawag rin bilang Return to Work program o programa sa pagbalik sa trabaho.

Schedule for rating permanent disabilities o schedule para sa pag-rate ng mga permanenteng pagkabalda: Tingnan ang permanent disability rating schedule o schedule sa pag-rate ng permanenteng pagkabalda.

Serious and willful misconduct (S&W) o malubha at sinadyang paglabag sa patakaran: Petisyong ifina-file kung ang iyong pinsala ay idinulot ng malubha at sinadyang paglabag ng iyong employer sa patakaran.

Settlement o kasunduan: Kasunduan sa pagitan ninyo ng kompanya ng insurance hinggil sa iyong mga matatanggap bilang kabayaran sa mga manggagawa at medikal na pagpapagamot sa hinaharap. Dapat sinusuri ang mga kasunduan ng isang husgado ng kabayaran sa mga manggagawa upang tiyaking sapat ang mga ito.

Social Security disability benefits o mga benepisyo sa pagkabalda mula sa social security: Pangmatagalang pinansyal na tulong para sa mga taong lubos ang pagkabalda. Ang mga benepisyong ito ay galing sa U.S. Social Security Administration. Pinaliliit ang mga ito ng mga kabayaran sa mga manggagawa na iyong matatanggap.

Special earnings loss supplement program o espesyal na programa sa dagdag na tulong para sa pagkawala ng kita: Tingnan ang return to work program o programa sa pagbalik sa trabaho.

Specific injury o ispesipikong pinsala: Pinalang ibinunga ng isang pangyayari sa trabaho. Mga halimbawa: pananakit ng iyong likod dahil sa pagbagsak/pagkahulog, pagkasunog ng balat dahil sa kemikal na tumilamsik, pagkakapinsala dahil sa pagkaaksidente sa sasakyan habang nagde-deliver.

State average weekly wage o pangkaraniwang lingguhang sahod ng estado: Ang karaniwang lingguhang sahod sa nakaraang taon para sa mga empleyado sa California na sakop ng insurance sa kawalan ng trabaho, na iniulat ng U.S. Department of Labor. Naging epektibo noong 2006, ang mga pagtaas ng benepisyo para sa pansamantalang pagkabalda ay nakatali sa index na ito.

State disability insurance (SDI): Bahagyang insurance plan na pamalit sa sahod na ibinabayad ng Employment Development Department (EDD) ng estado sa mga manggagawa ng California. Nagbibigay ang SDI ng panandaliang mga benepisyo sa mga karapat-dapat na manggagawang nawawalan ng sahod kapag hindi nila kayang magtrabaho dahil sa isang sakit o pinalang walang kaugnayan sa trabaho, o kondisyong medikal na nakakabalda dahil sa pagbubuntis o panganganak. Ang mga manggagawang may pinalang dahil sa trabaho ay maaaring mag-apply para sa SDI kung naantala o natanggihan ang mga kabayaran para sa mga manggagawa. Tawagan ang 1-800-480-3287 para sa higit pang impormasyon hinggil sa SDI.

Nakatakdang rating: Pormal na kasunduan hinggil sa iyong rating ng permanenteng pagkabalda. Kailangang aprubahan ng isang husgado ng kabayaran sa mga manggagawa.

Stipulation with award o istipulasyon na may award: Kasunduan sa isang kaso kung saan nagkakasundo ang mga partido sa mga tuntunin ng isang award. Ito ang dokumentong pinipirmahan ng husgado upang gawing pinal ang award.

Stipulations with request for award (Stips) o mga istipulasyong may request para sa award: Kasunduan kung saan nagkakasundo ang mga partido sa mga tuntunin ng isang award. Maaaring maging kabilang dito ang pagpapagamot sa hinaharap. Ang pagbabayad ay hahati-hatiin at ibibigay sa loob ng isang takdang panahon. Ang dokumentong ito ay ibinibigay sa husgado para sa pinal na pagsusuri.

Subjective factors o mga suhetibong salik: Dami ng sakit o iba pang sintomas na inilalarawan ng manggagawang napinsala na iniulat ng doktor bilang nakakapag-ambag sa permanenteng pagkabalda ng manggagawa. Binibigyan ng napakaliit na bigat ang mga suhetibong salik sa ilalim ng 2005 rating schedule dahil pangunahing nakabatay ang schedule sa mga obhetibong sukat.

Subpoena: Dokumentong nag-uutos na magpakita ang isang saksi sa isang pagdinig.

Subpoena Duces Tecum (SDT): Dokumentong nag-uutos na ipadala ang ilang rekord sa humihiling.

Summary rating: Porsyento ng permanenteng pagkabalda na kinakalkula ng DWC Disability Evaluation Unit.

Summary rating reconsideration o pagpapasaalang-alang muli ng summary rating: Prosesong ginagamit kung tumututol ka sa summary rating na inilabas ng DWC Disability Evaluation Unit.

Supplemental job displacement benefit (SJDB) o dagdag na benepisyo para sa kawalan ng trabaho: Isang uri ng benepisyong kabayaran para sa mga manggagawa. Kung napinsala ka noong 2004 o pagkatapos nito, at mayroong permanenteng bahagyang pagkabalda na pumipigil sa iyong gawin ang iyong dating trabaho, at hindi nag-aalok ng ibang trabaho ang iyong employer, kwalipikado ka para sa benepisyong ito. Para sa mga pagkapinsala na naganap sa pagitan ng Enero 1, 2004 at Disyembre 31, 2012, ang benepisyo ay nasa porma ng voucher na nangangakong makatulong sa pagbabayad para sa pang-edukasyong muling pagsasanay o pagpapahusay ng kasanayan, o pareho, sa mga paaralang inaprubahan o kinikilala ng estado. Para sa mga pagkapinsalang naganap noong o pagkatapos ng Enero 1, 2013, ang voucher ay magagamit para sa pagsasanay sa isang pampublikong paaralan sa California o alinmang iba pang tagapagbigay ng serbisyong ito sa listahan ng mga karapat-dapat ng tagapagbigay ng pagsasanay ng estado. Magagamit din ito upang bayaran ang pagkuha ng lisensya o mga kabayaran sa sertipikasyon at testing, upang bumili ng mga kagamitang kailangan sa isang kurso ng pagsasanay, upang bumili ng kagamitang kompyuter na hanggang \$1,000 at upang mag-reimburse ng hanggang \$500 na gastusing miscellaneous. Maaaring gamitin ang hanggang 10 porsyento, o \$600, para sa mga serbisyo ng isang lisensyadong placement agency o tagapayo sa pagtatrabaho.

Temporary disability (TD o TTD) o pansamantalang pagkabalda: Mga kabayang matatanggap mo kung mawawalan ka ng sahod dahil pinipigilan ka ng iyong pagkapinsala na gawin ang iyong trabaho habang nagpapagaling.

Temporary partial disability (TPD) benefits o mga benepisyo para sa pansamantalang bahagyang pagkabalda: Mga kabayang matatanggap mo kung kaya mong magtrabaho nang bahagya habang nagpapagaling, ngunit mas kaunti ang kikitain mo kumpara noong bago ka mapinsala.

Temporary total disability (TTD) benefits o mga benepisyo para sa pansamantalang lubos na pagkabalda: Mga kabayang matatanggap mo kung hindi mo talaga kayang magtrabaho habang nagpapagaling.

Transportation expenses o mga gastusin sa transportasyon: Tingnan ang medical mileage.

Treating doctor o doktor na tagagamot: Tingnan ang primary treating physician o primaryang doktor na tagagamot.

Treating physician o doktor na tagagamot: Tingnan ang primary treating physician o primaryang doktor na tagagamot.

Uninsured Employers Benefit Trust Fund (UEBTF): Pondo, na pinangangasiwaan ng DWC, kung saan maaaring idaan ang pagbabayad sa iyong mga benepisyo kung ang iyong employer ay iligal na hindi nakainsure para sa kabayaran sa mga manggagawa.

Utilization review (UR) o pagsusuri ng paggamit: Prosesong ginagamit ng mga kompanya ng insurance upang pagpasyahan kung pahihintulutan ba at babayaran ang pagpapagamot na inirekomenda ng iyong doktor na tagagamot o ng iba pang doktor.

Vocational & return to work counselor (VRTWC) o tagapayo sa pagtatrabaho at pagbalik sa trabaho: Kung mayroon kang permanenteng pagkabalda, ang tao o entidad na ito ang tutulong sa iyong lumikha ng plano sa pagbalik sa trabaho. Susuriin ka nila, bibigyan ka ng mga payo at tutulungan kang maging handa para sa trabaho. Ang isang VRTWC ay dapat na may hindi bababa sa undergraduate degree sa anumang larangan at tatlo o higit pang taon ng full time na karanasan.

Voucher: Tingnan ang dagdag na benepisyo para sa kawalan ng trabaho at nontransferable na voucher.

Wage loss (temporary partial disability): Tingnan ang mga benepisyo para sa pansamantalang bahagyang pagkabalda.

Whole person impairment (WPI): Para sa mga pagkapinsala noong o pagkatapos ng Enero 1, 2013, ang lahat ng akso na may permanenteng nalalabi ay tataasan sa pamamagitan ng WPI factor na 1.4.

Work restrictions o mga restriksyon sa pagtatrabaho: Paglalarawan ng isang doktor sa trabahong maaari at hindi mo maaaring gawin. Makakatulong ang mga restriksyon sa trabaho upang protektahan ka mula sa ibayong pagkapinsala.

Husgado ng administratibong batas sa kabayaran sa mga manggagawa: Isang empleyado ng DWC na gumagawa ng mga desisyon hinggil sa mga pagtatalo sa kabayaran sa mga manggagawa at nag-aapruba ng mga kasunduan. Nagsasagawa ng mga pagdinig ang mga husgado sa mga lokal na opisina ng Workers' Compensation Appeals Board (WCAB), at maaaring suriin at muling isaalang-alang ang kanilang mga desisyon ng Reconsideration Unit ng WCAB. Tinatawag rin bilang husgado ng kabayaran sa mga manggagawa.

Workers' Compensation Appeals Board (WCAB): Binubuo ng 24 na lokal na opisina sa buong estado kung saan paunang dinidinig ng mga husgado ng kabayaran sa mga manggagawa ang mga pagtatalo sa mga benepisyong kabayaran sa mga manggagawa. Ang WCAB Reconsideration Unit sa San Francisco ay isang lupong hudisyal na may pitong miyembro, na itinalaga ng gobernador at kinumpirma ng Senado na nagdidinig sa mga apila sa mga desisyong inilabas ng mga lokal na husgado ng kabayaran sa mga manggagawa.

Workers' Compensation Insurance Rating Bureau (WCIRB): Ahente ng Departamento ng Insurance ng estado at pinopondohan ng industriya ng insurance, ang pribadong entidad na ito ay nagbibigay ng impormasyong statistical at rating para sa mga insurang ng kabayaran sa mga manggagawa at liability insurance ng mga employer, at nangongolekta at nagtatala ng impormasyon upang magpaunlad ng mga purong rate ng premium.

Workers' compensation judge o husgado ng Kabayaran sa Mga Manggagawa: Tingnan ang workers' compensation administrative law judge o husgado ng administratibong batas sa kabayaran sa mga manggagawa.

Ang impormasyong nasa fact sheet na ito ay pangkalahatan ang katangian at hindi nakalaan bilang pamalit sa ligal na payo. Ang mga pagbabago sa batas o ang mga partikular na detalye ng iyong kaso ay maaaring magbunga ng mga ligal na interpretasyon na kaiba sa mga nailahad dito.

DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.

FACT SHEET D

DOKUMENTO NG IMPORMASYON NA MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA BENEPISYO SA PERMANENTENG KAPANSANAN

Ang permanenteng kapansanan (PD) ay anumang pangmatagalang kapansanan mula sa pagkakapinsala o karamdaman kaugnay ng iyong trabaho na nakakaapekto sa iyong kakayahang maghanap-buhay. Kung ang iyong pinsala o karamdaman ay humantong sa PD, karapat-dapat ka sa mga benepisyo para sa PD, kahit pa kaya mong bumalik sa trabaho.

Kailangan ko bang sagutan ang claim form (DWC 1) na ibinigay sa akin ng aking pinagtatrabahuhan?

Oo, kung gusto mong makatiyak na kwalipikado ka para sa lahat ng benepisyo. Kung hindi ka magsusumite ng claim form sa loob ng isang taon, malamang na hindi ka makakakuha ng mga benepisyo. Dapat kang bigyan ng iyong pinagtatrabahuhan ng isang [DWC 1 claim form](#) sa loob ng isang araw pagkabatid na nasaktan ka. Bubuksan ng iyong pagsagot sa claim form ang iyong kaso para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Itinatakda rin ng batas ng estado ang mga benepisyo nang higit pa sa mga pangunahin na maaaring nararapat sa iyo sa sandaling magsumite ka ng claim form sa iyong pinagtatrabahuhan. Kabilang sa mga benepisyong iyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Ang pagpapalagay na ang iyong pinsala o karamdaman ay dulot ng trabaho kung ang iyong claim ay hindi tinanggap o ipinagkait sa loob ng 90 araw matapos ang pagbigay ng claim form sa iyong pinagtatrabahuhan
- Hanggang \$10,000 sa paggamot sa ilalim ng mga alituntunin sa medikal na paggamot habang ang iyong claim ay isinasaalang-alang ng tagapangasiwa ng mga claim
- Pagtaas sa mga bayad sa iyo para sa kapansanan kung naantala ang mga ito
- Isang paraan upang lutasin ang anumang hindi pagkakasunduan na maaaring lumitaw sa pagitan ninyo ng tagapangasiwa ng mga claim kung ang pinsala o karamdaman ay nangyari sa trabaho, ang natanggap mong medikal na paggamot at kung makatanggap ka ng mga benepisyo para sa PD.

Paano kung hindi ako binigyan ng aking pinagtatrabahuhan ng DWC 1 claim form?

Humingi ng form sa iyong pinagtatrabahuhan o tumawag sa tagapangasiwa ng mga claim para matanggap ito. Ang tagapangasiwa ng mga claim ang tao o entidad na nag-aasikaso sa mga claim ng iyong pinagtatrabahuhan. Ang pangalan at numero ng telepono ng entidad na ito ay dapat nakapaskil sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan sa parehong lugar kung saan nakapaskil ang mga iba pang impormasyon tungkol sa lugar na pinagtatrabahuhan, tulad ng minimum wage. Maaari mong kumpirmahin kung sino ang iyong tagapangasiwa ng mga claim sa pamamagitan ng pagpunta sa www.caworkcompcoverage.com. Makukuha mo rin ang form mula sa website ng Division of Workers Compensation (DWC) sa www.dwc.ca.gov. Sa kanang navigation pane, sa ilalim ng Quick Links iklik ang forms .

Sino ang magdedesisyon kung dapat akong makatanggap ng mga benepisyo para sa PD? Paano ginagawa ito?

Isang doktor ang magdedesisyon kung ang iyong pinsala o karamdaman ang naging sanhi ng PD. Pagkatapos, kukuwentahin ang report ng doktor bilang iskor sa PD. Ang prosesong ginagamit upang gawin ang ulat ng doktor bilang iskor ay maaaring mag-iba depende sa petsa ng iyong pagkakapinsala at mga iba pang bagay. Tutukuyin ng iskor sa PD ang mga benepisyong matatanggap mo.

Pagkatapos na magdesisyon ang iyong doktor na ang iyong pinsala o karamdaman ay maayos na at walang malamang na pagbabago, susuriin ang PD. Sa pagkakataong iyan, ang iyong kondisyon ay naging permanente na at walang pagbabago (P&S). Maaaring gamitin ng iyong doktor ang salitang maximal medical improvement (MMI) sa halip na P&S.

Sa sandaling ikaw ay P&S o naabot na sa MMI, magpapadala ang iyong doktor ng report sa tagapangasiwa ng mga claim para ipaalam sa kanila kung mayroon kang anumang PD. Magdedesisyon din ang doktor kung ang alinman sa iyong kapansanan ay dulot ng ibang bagay bukod pa sa iyong pagkapinsala sa trabaho,

tulad ng dating pinsala o iba pang kondisyon. Tinatawag itong apportionment. Maaaring magpasagot ang tagapangasiwa ng mga claim ng isang form na naglalarawan sa iyong kapansanan.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa doktor?

Kung ikaw o ang tagapangasiwa ng mga claim ay hindi sumasang-ayon sa mga matutuklasan ng iyong doktor, maaari kang magpatingin sa isang doktor na tinatawag na kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator - QME). Humingi ka ng listahan ng QME (tinatawag na panel) mula sa DWC Medical Unit. Magpapadala ang tagapangasiwa ng mga claim sa iyo ng mga form para humiling ng QME. Babayaran ng iyong pinagtatrabahuhan ang gastos sa pagpapa-eksamen sa QME. Mayroon kang 10 araw mula sa petsa na sasabihin sa iyo ng tagapangasiwa ng mga claim na simulan ang proseso ng QME upang isumite ang iyong form ng kahilingan sa [DWC Medical Unit](#). Kung hindi mo isusumite ang form sa loob ng 10 araw, gagawin ito ng tagapangasiwa ng mga claim para sa iyo at siya ang pipili ng uri ng doktor na pupuntahan mo.

May mga ibang partikular at mahigpit na itinakdang panahon na dapat mong matugunan sa pagsusumite ng iyong mga QME form kung hindi ay mawawalan ka ng mga importanteng karapatan. Basahin ang [alituntunin 2](#) ng DWC Information and Assistance (I&A) Unit at sumangguni sa dokumento ng impormasyon E para sa mga karagdagang impormasyon.

Ano ang iskor ng PD at paano ito kinukuwenta?

Una, pagkatapos ng iyong pagpapasuri, susulat ang doktor ng medikal report tungkol sa apekto sa iyo ng pinsala (impairment). Ang impairment ay nangangahulugang kung paano nakakaapekto ang pinsala sa kakayahan mong gawin ang mga karaniwang gawain sa buhay. Kasama sa report kung ang anumang bahagi ng iyong pagkakaapekto ay dulot ng mga ibang bagay maliban sa iyong pinsala sa trabaho. Magtatapos ang report ng doktor sa impairment number o numero ng epekto ng pinsala. Susunod, ilalagay ang impairment number sa isang pormula upang kuwentahin ang porsiyento ng iyong kapansanan. Ang kapansanan (o disability) ay tumutukoy kung paano naapektuhan ng pagkakaapekto ng pinsala ang iyong kakayahang magtrabaho. Ang iyong hanapbuhay at edad sa panahon ng iyong pagkakapinsala ay makakaapekto sa pagkuwenta ng iyong PD. Kung nasaktan ka bago Ene. 1, 2013, ang nabawasang kakayahan mong maghanap-buhay sa hinaharap ay isasaalang-alang din sa iyong iskor. Pagkatapos, ang anumang bahagi ng iyong kapansanan na dulot ng ibang bagay bukod sa iyong pagkakapinsala sa trabaho ay tatanggalin sa pagkuwenta.

Ang iyong kapansanan ay isasaad bilang isang porsiyento. Ang porsiyento ng iyong kapansanan ay katumbas ng partikular na halaga sa dolyar, depende sa petsa ng iyong pagkakapinsala at sa iyong karaniwang lingguhang sahod sa panahon ng pagkakapinsala. Isang espesyalista sa paggagrado mula sa DWC [Disability Evaluation Unit](#) ang tutulong para kuwentahin ang iyong iskor.

Kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay may 50 o mahigit pang empleyado, at napinsala ka bago 2013, maaaring maapektuhan rin ang halaga kung mag-aalok ang iyong pinagtatrabahuhan ng naaangkop na alok na bumalik sa trabaho. Para sa mga pinsalang nangyayari sa o makalipas ang Ene. 1, 2013, ang lahat ng iskor sa permanenteng kapansanan ay tataas nang Whole Person Impairment factor na 1.4.

Paano binabayaran ang PD?

Sa sandaling sabihin ng iyong doktor na mayroon kang PD, kukuwentahin ng tagapangasiwa ng mga claim kung magkano ang dapat mong matanggap at sisimulan kang bayaran, kahit pa hindi pa nakukuwenta ang pinal na porsiyento ng kapansanan. Ang mga benepisyo para sa PD ay binabayaran bilang karagdagan sa mga benepisyo para sa pansamantalang kapansanan (TD) na natanggap mo. Dapat na simulang bayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang iyong PD sa loob ng 14 na araw makalipas magwakas ang TD at ipagpatuloy ang mga bayad hanggang sa mabayaran na ang makatwirang tinantiyang halaga ng iyong kapansanan. Kung hindi ka lumiban sa anumang trabaho, ang mga bayad para sa PD ay dapat bayaran mula sa petsang sinabi ng doktor na ikaw ay P&S. Magpapatuloy na babayaran ang mga benepisyo para sa PD tuwing dalawang linggo sa araw na pipiliin ng tagapangasiwa ng mga claim hanggang sa mabayaran na ang makatwirang tinantiyang halaga ng iyong kapansanan. Kapag natukoy na ang aktwal na halaga ng PD, dapat na mabayaran ang halagang hihigit sa nakuwenta.

Kung napinsala ka at may nabibigyan ng iskor na permanenteng kapansanan (ratable permanent disability), hanggang Ene. 1, 2013, ang mga bayad para sa PD ay hindi babayaran kung babalik ka sa binago, alternatibo o regular na trabaho sa iyong pinagtatrabahuhan sa 85 porsiyento ng iyong mga sahod o bumalik sa trabaho para sa sinumang pinagtatrabahuhan sa 100 porsiyento ng iyong mga sahod. Kapag matatanggap mo ang ipinagkaloob sa iyong PD, matatanggap mo ang naitamang bayad simula sa huling petsa na binayaran ang TD o noong naabot mo ang pinakamatagal na panahon ng medikal na paggaling, alinman ang mas mauuna.

Pagkatapos ng lahat, paano lulutasin ang aking claim?

Matapos matukoy ang halaga ng PD sa isang claim, karaniwang may kasunduan o pagkakaloob ng mga benepisyo. Ang pagkakaloob na ito ay kailangang aprubahan ng isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Kung mayroon kang abogado, dapat kang tulungan ng iyong abogado para makuha ang ipinagkakaloob na ito. Kung wala kang abogado, dapat kang tulungan ng tagapangasiwa ng mga claim para makuha ang ipinagkakaloob na ito. Makakatanggap ka rin ng tulong mula sa opisyal ng I&A sa lokal na opisina ng Workers Compensation Appeals Board. Kung sinabi ng iyong doktor na maaaring kakailanganin ng karagdagang medikal na paggamot para sa iyong pinsala o karamdaman, ang ipinagkakaloob ay maaaring makapagdulong ng medikal na pangangalaga sa hinaharap.

May dalawang uri ng kasunduan. Ang kasunduan ay sinasang-ayunan ninyo ng tagapangasiwa ng mga claim.

Maaari mong lutasin ang iyong buong claim sa pamamagitan ng kasunduang kabuuang halaga na tinatawag na [compromise and release](#) (C&R). Ang C&R ay maaaring pinakamabuti kapag gusto mong kontrolin ang sarili mong medikal na pangangalaga at/o gusto mong kabayaran ng kabuuang halaga para sa iyong PD. Ang C&R ay karaniwang nangangahulugang pagkatapos mong maipaaprubahan sa hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa ang kabayaran ng kabuuang halaga, hindi na sasagutin ng tagapangasiwa ng mga claim ang anumang mga karagdagang bayad o medikal na pangangalaga.

Maaari ka ring sumang-ayon sa isang kasunduan na tinatawag na [kasunduan na may kahilingan para sa ipinagkakaloob](#) (stipulation with request for award - stip). Ang stip ay karaniwang kinabibilangan ng halaga ng pera at medikal na paggamot sa hinaharap. Ang mga bayad ay ibibigay sa tukoy na haba ng panahon. Susuriin ng isang hukom ang kasunduan.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa kasunduan sa tagapangasiwa ng mga claim, maaari kang dumulog sa isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, na siyang magdedesisyon sa ipagkakaloob sa iyong PD. Ang matutuklasan ng hukom ay tinatawag na mga natuklasan at ipagkakaloob (findings and award - F&A). Ang F&A ay karaniwang binubuo ng halaga ng pera at probisyon para bayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang naaprubahang medikal na paggamot sa hinaharap.

Kung ang iyong pinsala ay magresulta sa permanenteng kapansanan at natukoy ng estado na ang iyong benepisyo para sa PD ay masyadong mababa kumpara sa mga nawala mong kita, maaari kang maging kwalipikado para sa karagdagang pera mula sa Special Earnings Loss Supplemental program (programang Natatanging Pambawi sa Nawalang Kita) ng Department of Industrial Relations na kilala rin bilang Return to Work Program (Programang para sa Pagbalik sa Trabaho). Kung may mga tanong ka o sa palagay mo ay karapat-dapat ka, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng I & A o bisitahin ang website ng DIR sa www.dir.ca.gov.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para maghanap ng lokal na [opisina ng I&A](#). Maaari mo ring i-download ang [mga gabayng I&A](#) at kumuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakitang ito.

DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.

FACTSHEET E

MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA MGA KWALIPIKADONG MEDIKAL NA TAGASURI AT MGA PINAGKASUNDUANG MEDIKAL NA TAGASURI

Ang mga kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluators - QMEs) o pinagkasunduang medikal na tagasuri (agreed medical evaluators - AMEs) ang sumusuri sa mga napinsalang manggagawa upang tutukoy sa mga benepisyo na matatanggap nila kung may hindi pagsang-ayon sa mga opinyon ng gumagamot na doktor.

Ang mga QME ay mga doktor na lisensiyadong manggamot sa California bilang mga medikal na doktor, osteopath, chiropractor, psychologist, dentista, optometrist, podiatrist o acupuncturist at nasertipikahan ng Medical Unit ng Division of Workers Compensation na magsagawa ng mga medikal/legal na pagsusuri.

Ang mga AME ay mga doktor na pinili sa pamamagitan ng kasunduan sa pagitan ng tagapagtanggol at abogado ng aplikante upang magsagawa ng mga medikal/legal na pagsusuri sa kaso ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Ginagamit lamang ang mga AME kung ang napinsalang manggagawa ay kinakatawan ng isang abogado.

Ano ang pagkakaiba ng QME at AME?

Kung mayroon kang abogado, maaaring magkasundo ang iyong abogado at ang tagapangasiwa ng mga claim sa isang doktor nang hindi ginagamit ang sistema ng estado sa pagkuha ng isang QME. Ang pagkakasunduan nilang doktor ay tinatawag na AME. Kung hindi sila magkakasundo, kailangang humingi sila ng QME.

Nagpunta na ako sa doktor. Bakit kailangan kong magpatingin sa isang QME?

Ikaw at/o ang tagapangasiwa ng mga claim ay maaaring hindi magkasundo sa sinasabi ng gumagamot na doktor. Maaari ding may mga iba pang hindi pagkakasundo tungkol sa mga medikal na usapin sa iyong claim. Dapat tugunan ng ibang doktor -- AME o QME -- ang mga hindi pagkakasundong ito, na maaaring kinabibilangan ng:

- Kung ang iyong pinsala ay dulot ng iyong trabaho o hindi
- Kung kailangan mo ng paggamot para sa iyong pinsala (iyon ay kung nangyari lamang ang pinsala bago Ene. 1, 2013) o hindi
- Kung kailangan mong manatili sa bahay at hindi magtrabaho para magpagaling o hindi
- Kung ang iyong kondisyon ay permanente at di nagbabago o hindi
- Kung mayroon kang bago at karagdang kapansanan o wala
- Isang iskor para sa permanenteng kapansanan.

Sino ang gagawa ng desisyon tungkol sa pagpunta sa isang QME?

Ikaw, ang iyong abogado o ang tagapangasiwa ng mga claim ay maaaring humiling ng isang pagsusuri ng QME.

Bibigyan ng DWC Medical Unit ang sinumang hihingi nang may listahan (tinatawag na panel) ng tatlong QME. Bawat panel ng QME ay sapalarang maililista at ang mga nakalistang doktor ay mga dalubhasa sa larangang hiningi. Pipiliin ang isang doktor mula sa listahan upang suriin ka at gagawa ng report ng iyong kondisyon. Sa sandaling mapili ang isang QME para sa iyong claim, ang karamihan ng mga hindi pagkakaintindihan ay kailangang mapunta sa QME na iyon.

Paano ako hihiling ng pagsusuri ng QME?

Sasagot sa form ng Kahilingan para sa QME panel at isumite ito sa DWC Medical Unit. Basahin ang [gabay 2](#) ng Information & Assistance (I&A) para sa tulong sa form na ito.

TANDAAN: Kung sasabihin ng iyong pinagtatrabahuan o tagapangasiwa ng mga claim na may problema sa iyong claim at padadalhan ka ng form ng "Kahilingan para sa QME panel," mayroon kang 10 araw upang sagutan ang form, piliin ang aling medikal na larangan dalubhasa ang QME at ipadala ang form sa DWC Medical Unit. Kung hindi mo isusumite ang form sa loob ng 10 araw, gagawin ito ng tagapangasiwa ng mga claim at siya ang pipili ng uri ng doktor na pupuntahan mo.

Ano ang kaibhan kung sino ang magsusumite ng form upang humiling ng QME?

Ang sinumang magsusumite ng form ng kahilingan ang siyang pipili kung aling larangang dalubhasa ang doktor para sa pagsusuri. Tingnan ang [gabay 2](#) ng I&A para sa mga karagdagang impormasyon. Kapag matatanggap mo ang panel, makakatanggap ka rin ng sulat na nagpapaliwanag kung paano gagawa ng appointment sa QME at kung paano ibibigay sa QME ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong sarili. Sa loob ng 10 araw ng petsa sa listahan, kailangan ninyong pumili ng isang QME mula sa listahan, magtakda ng appointment at sabihin sa tagapangasiwa ng mga claim. Kung hindi mo gagawin ito, maaaring piliin ng tagapangasiwa ng mga claim ang doktor at gumawa ng appointment para sa iyo.

May magagawa ba ako kung hindi ako sang-ayon sa sasabihin ng QME?

Oo, mayroon kang 30 araw mula sa petsang natanggap mo ang report upang magdesisyon kung sumasang-ayon ka sa report ng QME o kung kailangan mo pa ng karagdagang impormasyon. Kapag matanggap mo ang report, basahin mo ito kaagad at magdesisyon kung sa tingin mo ay tumpak ito. Kung hindi, at mayroon kang abogado, dapat mo siyang kausapin tungkol sa iyong mga opsyon.

Kung wala kang abogado, tawagan muna ang tagapangasiwa ng mga claim. Kung hindi ito makakatulong, makipag-ugnayan sa opisyal ng [I&A](#) sa opisina ng Workers Compensation Appeals Board (WCAB) sa iyong distrito. Matutulungan ka ng opisyal ng I&A para alamin kung ano ang pinakamabuti sa iyong kaso.

Kung ikaw ay nasa isang unyon, maaaring may pagkakataon kang makipagkita sa ombudsperson o tagapamagitan sa ilalim ng mga takda ng iyong collective bargaining agreement o labor-management agreement.

Ako ay nasa isang network ng tagapagdulot ng medikal na serbisyo (medical provider network - MPN). Nauukol ba sa akin ang proseso ng QME?

Oo, maaari pa ring gamitin ang proseso ng QME kung bahagi ka ng isang MPN.

May mga tanong pa ako. Kanino ako makikipag-ugnayan?

Kung may mga tanong ka tungkol sa paghiling ng QME panel, makipag-ugnayan sa [DWC Medical Unit](#) sa pamamagitan ng telepono sa 1-800- 794-6900 o pagsulat sa: DWC Medical Unit, P O Box 71010, Oakland, CA 94612.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na [opisina ng I&A](#). Maaari mo ring i-download ang [mga gabay ng I&A](#) at kumuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.



MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

Return to Work Supplement Program (RTWSP)

BABALA: Ang sinuman na sadyang gumagawa o gumagamit ng palsipikadong dokumento o pahayag sa pagkuha ng kabayaran ay mananagot ng tatlong ulit na danyos at karagdagang multa na nagkakahalaga ng hindi bababa sa \$ 5,500 at hindi hihigit sa \$ 11,000 kasama ang gastos sa pagsasakdal alinsunod sa False Act Claim, Government Code sections 12650-12656

Bago magsimula, mangyaring likumin o ihanda ang mga sumusunod na impormasyon:

- ✓ Ang iyong kumpletong Supplemental Job Displacement Voucher DWC-AD 10133.32 form kabilang ang Katibayan ng Serbisyo (Proof of Service), na nilagdaan ng iyong claims administrator.
- ✓ Ang petsa ng Katibayan ng Serbisyo ng Supplemental Job Displacement Voucher form DWC-AD 10,133.32 (SJDB) Rev: 10/01/2015
- ✓ Ang iyong ADJ number para sa iyong kaso sa DWC
- ✓ Ang iyong claim number mula sa insurance carrier
- ✓ Anumang impormasyon tungkol sa iyong mga nakaraang kabayaran ng RTWSP

Punan ang mga Indibidwal na Impormasyon

Hakbang 1 ng 5

* Mga impormasyon na kailangang sagutin para ma-proseso ang iyong RTWSP aplikasyon.

1. * Pangalan
2. MI (letra ng gitnang pangalan)
3. * Apelyido
4. * Petsa ng Kapanganakan (BUWAN/ARAW/TAON)
5. * SSN/ITIN (999-99-9999)
6. * Tirahan
7. * Lungsod
8. * Estado (pumili mula sa drop down na listahan)
9. * Zip Code
10. Email Address
11. Numero ng Telepono

Individual Information Injury History Upload SJDB Certification Review and Submit

INDIVIDUAL INFORMATION Step 1 of 5

*First Name MI *Last Name

*Date of Birth *SSN / ITIN

*Address

*City *State *Zip Code
 Select State

Email Address Phone Number

[Continue](#)

* indicates a required field

** Ang email address at numero ng telepono ay hindi kailangan ngunit makakatulong kung magkakaroon ng katanungan sa pag-proseso ng iyong aplikasyon.



MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

Punan ang Kasaysayan ng Pinsala

* Mga impormasyon na kailangang sagutin para ma-proseso ang iyong aplikasyon sa RTWSP.

1. * Petsa ng Pinsala
2. * Claim number
3. * Petsa ng Serbisyo ng iyong Supplemental Job Displacement Benefit (SJDB) (BUWAN/ARAW/TAON)
4. * ADJ number
5. * Nakatanggap ka na ba ng benepisyo mula sa RTWSP bago ang aplikasyong ito?
 - Kung oo, kumpletuhin ang mga sumusunod na impormasyon
 - a. Numero ng iyong RTWSP Aplikasyon (RTW#####) kung saan ka nakatanggap ng benepisyo mula sa RTWSP
 - b. Petsa kung kailan na-aprubahan ang iyong nakaraang RTWSP aplikasyon (BUWAN/ARAW/TAON)

Hakbang 2 ng 5

Hakbang 3 ng 5

I-upload ang SJDB Voucher

* Pag-upload ng kopya ng iyong SDJB voucher sa format na PDF o TIFF.

- I-upload ang kumpletong voucher kasama ang Katibayan ng Serbisyo na nilagdaan ng iyong claims administrator
 1. I-click ang buton na **Upload File**
 2. I-click ang buton na **Browse** at hanapin ang kopya ng iyong file
 3. I-click ang buton na **Open** kapag napili na ang file
 4. Siguraduhing tama ang iyong file name at i-click ang buton na **Add**.

Ang iyong dokumento ay lalabas kasunod ng **File Attached



MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

I- tsek ang mga kahon para sa Katibayan

* Mga kailangang impormasyon para ma-proseso ang iyong aplikasyon

* Katunayan ng paninirahan

Piliin lamang ang isa sa mga sumusunod:

- Residente ng California
May kakayahan na magnegosyo sa California o magtayo ng permanenteng lugar ng negosyo sa California.

- Hindi residente ng California
Ang mga kabayaran para sa serbisyo ng mga hindi residente ng California ay maaring sumasailalim sa batas tungkol sa withholding tax ng Estado.

*Parusa ng Panunumpa nang walang katotohanan

- Aking ipinagtitibay (o ipinapahayag) sa ilalim ng parusa ng panunumpa nang walang katotohanan sa ilalim ng batas ng Estado ng California na ang mga sumusunod ay totoo at wasto.
Akin itong pinagtitibay sa: **ang angkop na petsa ay makikita

Suriin at I-submit

Suriin ang mga impormasyong itinala, maaaring baguhin ang mga maling naitala at i-wasto sa pamamagitan ng pag-click sa **Edit** links o sa section tab. Kapag wasto na ang mga impormasyon, I-click ang buton na **Submit**

Hakbang 4 ng 5

Pahinang 5 ng 5



MGA TAGUBILIN KUNG PAANO KUMPLETUHIN ANG APLIKASYON PARA SA PROGRAMANG – RETURN TO WORK SUPPLEMENT PROGRAM

Pahina ng Kumpirmasyon ng Pag-submit

Kapag ang iyong aplikasyon ay matagumpay na naisubmit, ikaw ay bibigyan ng RTW number. Maaari kang mag-print ng kopya ng iyong aplikasyon para sa iyong pansariling rekord. Ang pagpapasya kung ikaw ay makakatanggap ng benepisyong mula sa RTWSP ay malalaman sa loob ng 60 araw.



Your application was submitted successfully!

Thank you for your interest in the Return to Work Supplement program, your application has been successfully submitted on 03/23/2015; an eligibility determination will be made within the next 60 days and a benefit notice indicating whether or not you qualify for the RTWSP benefit will be mailed to you. To avoid delays in processing your application, please DO NOT submit a second application. Should you have any questions please contact the RTWSP unit at 510-286-0787 or RTWSP@dir.ca.gov.

Below are links to your Application Package. Please print this page and click the links to view and print a copy of the documents for your records.

Your RTWSP Application Number is: RTW1000487.

Application Package

- Application PDF 
- SJDB Voucher PDF 

[Click here to Print this Page](#)

Halimbawa ng Numero ng RTW

Pribadong Pabatid sa Paglikom ng Personal na Impormasyon: Gagamitin ng Department of Industrial Relations ang mga personal na impormasyon na nakalap sa ibaba upang matukoy kung ikaw ay karapat-dapat na mabigyan at makatanggap ng benepisyong na pinahintulutan ng Labor Code § 139.48. Ang iyong kasaysayan ng pinsala ay gagamitin upang kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan, at upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa benepisyong ito. Kailangan mong ibigay ang iyong Social Security Number (SSN) o Federal Tax Identification Number (FEIN) upang matanggap ang benepisyong ito (8 C.C.R. § 17306). Ang iyong SSN o FEIN ay gagamitin upang malaman kung ang mga impormasyon sa iyong aplikasyon ay tutugma sa tamang dokumento ng pagbabalik sa trabaho, kung saan ito ay susuriin sa pag-proseso ng iyong aplikasyon, at ito ay ibibigay sa State Controller's Office para sa pag-proseso ng pagbabayad at pagtutuos. Ang kakulangan sa pagbibigay ng iyong pangalan; tirahan; o SSN o FEIN ay manganga- hulugan ng pagtanggap sa mga benepisyong. Maaaring ibahagi ng kagawaran ang mga impormasyon na ito para sa pangkalahatang pagpapatupad ng batas o para sa layunin ng pananaliksik. Ang California Information Practices Act (Civil Code Section 1798 et seq.) ang namamahala sa koleksyon ng kagawaran at ang paggamit ng mga personal na impormasyon ng indibidwal. Ang patakaran ng kagawaran sa privacy, kabilang na ang pribadong contact number ng opisyal, ay makukuha sa http://www.dir.ca.gov/od_pub/privacy.html. Babala: Ang iyo bang Kompyuter ay Ligtas?

DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.

FACT SHEET C

DOKUMENTO NG IMPORMASYON NA MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA BENEPISYO NG PANSAMANTALANG KAPANSANAN

Ang mga benepisyo sa pansamantalang kapansanan (temporary disability - TD) ay mga bayad na matatanggap mo kung mawawalan ka ng mga sahod dahil hinahadlangan ka ng iyong pinsala para gawin ang iyong karaniwang trabaho habang nagpapagaling ka.

Kailangan ko bang sagutan ang claim form (DWC 1) na ibinigay sa akin ng aking pinagtatrabahuhan?

Oo, kung gusto mong makatiyak na kwalipikado ka para sa lahat ng benepisyo. Kung hindi ka magpsusumite ng claim form sa loob ng isang taon matapos ang iyong pinsala, malamang na hindi ka makakakuha ng mga benepisyo. Dapat kang bigyan ng iyong pinagtatrabahuhan ng isang [DWC 1 claim form](#) sa loob ng isang araw pagkabatid na nasaktan ka. Bubuksan ng iyong pagsagot sa claim form ang iyong kaso para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Itinatakda rin ng batas ng estado ang mga benepisyo nang higit pa sa mga pangunahin na maaaring nararapat sa iyo sa sandaling magsumite ka ng claim form sa iyong pinagtatrabahuhan. Kabilang sa mga benepisyong iyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- Ang pagpapalagay na ang iyong pinsala o karamdaman ay dulot ng trabaho kung ang iyong claim ay hindi tinanggap o ipinagkait sa loob ng 90 araw matapos ang pagbigay ng nasagutang claim form sa iyong pinagtatrabahuhan
- Hanggang \$10,000 sa paggamot sa ilalim ng mga alituntunin sa medikal na paggamot habang ang iyong claim ay isinasalang-alang ng tagapangasiwa ng mga claim
- Pagtaas sa mga bayad sa iyo para sa kapansanan kung naantala ang mga ito
- Isang paraan upang lutasin ang anumang hindi pagkakasunduan na maaaring lumitaw sa pagitan ninyo ng tagapangasiwa ng mga claim kung ang pinsala o karamdaman ay nangyari sa trabaho, ang natanggap mong medikal na paggamot at kung makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa permanenteng kapansanan.

Paano kung hindi ako binigyan ng aking pinagtatrabahuhan ng DWC 1 claim form?

Humingi ng form sa iyong pinagtatrabahuhan o tumawag sa tagapangasiwa ng mga claim para matanggap ito. Ang tagapangasiwa ng mga claim ang tao o entidad na nag-aasikaso sa mga claim ng iyong pinagtatrabahuhan. Ang pangalan at numero ng telepono ng entidad na ito ay dapat nakapaskil sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan sa parehong lugar kung saan nakapaskil ang mga iba pang impormasyon tungkol sa lugar na pinagtatrabahuhan, tulad ng minimum wage. Maaari mong kumpirmahin kung sino ang iyong tagapangasiwa ng mga claim sa pamamagitan ng pagpunta sa www.caworkcompcoverage.com. Makukuha mo rin ang form mula sa website ng Division of Workers Compensation (DWC) sa www.dwc.ca.gov. Sa kanan ng navigation pane, sa ilalim ng Quick Links , i-click ang forms .

Ano ang mga benepisyo para sa TD?

Ang mga benepisyo para sa TD ay mga bayad na matatanggap mo mula sa tagapangasiwa ng mga claim kung hindi mo magawa ang iyong karaniwang trabaho habang nagpapagaling ka sa iyong pinsala o karamdaman. Ang mga benepisyo para sa TD ay hindi mabubuwisan. Kung maaari kang gumawa ng ilang gawain habang nagpapagaling ngunit mas mababa ang kikitain kaysa noong bago naganap ang pinsala, makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa pansamantalang bahagyang kapansanan. Kung hindi ka lubos na makapagtrabaho habang nagpapagaling ka, makakatanggap ka ng mga benepisyo para sa pansamantalang ganap na kapansanan. May mga plano ang ilang pinagtatrabahuhan na nagbabayad ng lahat ng iyong sahod para sa lahat o bahagi ng panahong pansamantala kang may kapansanan. Ang mga planong ito ay tinatawag na pagpapatuloy ng suweldo. May iba't ibang uri ng mga plano sa pagpapatuloy ng suweldo. Ginagamit ng ilan ang inyong mga bayad para sa bakasyon at/o sick leave upang pandagdag sa mga bayad para sa TD na iniaatas ng batas ng estado. Magtanong sa iyong pinagtatrabahuhan upang malaman kung sakop ka ng isa sa mga planong ito.

Paano kinukuwenta ang TD?

Bilang pangkalahatang patakaran, binabayaran ka ng dalawa ng tatlong bahagi (two-thirds) ng iyong kabuuang (bago ang pagbuwis) sahod sa panahon ng pinsala, na may mga pinakamababa at pinakamataas na antas na itinatakda ng batas. Kukuwentahin ang iyong mga sahod sa pamamagitan ng paggamit ng lahat ng uri ng kita na natatanggap mo mula sa trabaho: mga sahod, pagkain, tinutuluyan, mga tip, komisyon, overtime at bonus. Kasama sa mga sahod ang iyong kita mula sa ginawa mong trabaho at mga ibang trabaho sa panahong napinsala ka. Magbigay ng mga katibayan ng mga kinitang ito sa tagapangasiwa ng mga claim. Isasaalang-alang ng tagapangasiwa ng mga claim ang lahat ng uri ng kita kapag kukuwentahin ang iyong mga benepisyo para sa TD.

Kailan magsisimula at ihihinto ang TD?

Magsisimula ang mga bayad para sa TD kapag sasabihin ng iyong doktor na hindi mo magagawa ang iyong dating trabaho nang higit sa tatlong araw o maospital ka nang magdamag. Kailangan ding ibigay ang mga bayad tuwing dalawang linggo. Sa pangkalahatan, maihihinto ang TD kapag babalik ka sa trabaho, o kapag pahihinutlutan ka ng iyong doktor na magtrabaho, o sasabihin bumuti na ang pinsala mo na tulad ng dati. Kung napinsala kayo sa pagitan ng Abril 19, 2004 hanggang Ene. 1, 2008, hindi magtatagal ang iyong mga bayad para sa TD nang higit sa 104 na linggo mula sa unang bayad para sa karamihan ng mga pinsala. Ang mga napinsala sa o makalipas ng Ene. 1, 2008 ay nararapat na tumanggap ng bayad para sa 104 na linggo para sa kapansanan sa loob ng limang taon.

Ang limang taon ay binibilang mula sa petsa ng pinsala. Ang mga bayad para sa ilang pangmatagalang pinsala, tulad ng malalang pagkasunog o matagalang at pabalik-balik na karamdaman sa baga, ay maaaring mas matagal sa 104 na linggo. Ang mga bayad para sa TD para sa mga pinsalang ito ay maaaring magpatuloy hanggang 240 linggo ng bayad sa loob ng limang taon.

Maaari ka ring magsumite ng claim para sa pantawid na pera sa panahon ng kapansanan mula sa estado (state disability insurance - SDI) sa Employment Development Department. Kailangan mong magsumite ng claim na ito kahit pa matatanggap ang iyong kaso sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Hinahayaan nitong makatanggap ka ng mga bayad para sa SDI makalipas ang 104 na linggong mga bayad para sa TD kung may sakit ka pa rin o masyadong masasaktan para bumalik sa trabaho. Upang malaman pa ang mga karagdagang impormasyon, tumawag sa 1- 800-480-3287 o bisitahin ang kanilang website sa www.edd.ca.gov/disability.

Makakatanggap ba ako ng mga iba pang benepisyo habang tumatanggap ng TD?

May karapatan kang malapatan ng agarang medikal na paggamot. Maaaring siyasatin ng tagapangasiwa ng mga paghahabot ang iyong claim bago madesisyunan kung tatanggapin ito o hindi. Kahit sisiyasat ito, kailangang aprubahan ng tagapangasiwa ng mga claim ang medikal na paggamot para sa iyong pinsala sa loob ng isang araw ng trabaho matapos mong magsumite ng DWC 1 claim form. Ang tatanggapin mong paggamot ay dapat na alinsunod sa mga alituntunin ng medikal na paggamot na itinatakdang ng estado. Ang kabuuang halaga ng paggamot na matatanggap mo sa panahon ng pagsisiyasat ay hindi maaaring hihigit sa \$10,000.

Dapat ibalik sa iyo ang mga ipinanggastos sa pagbibiyahang pati na ang gasolina, bayad sa pagpaparada at toll para sa mga biyahang papunta at pabalik mula sa opisina ng doktor. Babayaran din ng tagapangasiwa ng mga claim ang mga de-resetang gamot, pagbisita para sa physical therapy at mga iba pang gastusing medikal.

Paano kung may problema sa aking mga benepisyo?

Kung mayroon kang ikinababahala, magsalita. Makipag-usap sa iyong pinagtatrabahuhan o ang tagapangasiwa ng mga claim na umaasikaso sa iyong claim at subukang lutasin ang problema. Paminsan-minsang may nagaganap na mga hindi pagkakaunawaan at pagkakamali, ngunit malulutas ninyo ang karamihan ng mga ito sa pamamagitan ng pagtawag sa tagapangasiwa ng mga claim. Kung hindi ito oobra, humingi ng tulong sa pamamagitan ng sumusunod:

Makipag-ugnayan sa opisyal ng Division of Workers Compensation (DWC) Information at ang Assistance (I&A) ng estado:

Sinasagot ng mga opisyal ng I&A ng estado ang mga tanong upang tulungan ang mga napinsalang manggagawa. Nagbibigay sila ng mga impormasyon at form at tumutulong na lutasin ang mga problema sa inyong claim. Nagdaraos sila ng mga libreng workshop upang turuan ang mga napinsalang manggagawa tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad sa ilalim ng batas. Pumunta sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na opisina.

Kumonsulta sa isang abogado: Ang mga abogadong dalubhasa sa pagtulong sa mga napinsalang manggagawa sa kanilang mga claim sa bayad-pinsala sa mga manggagawa ay tinatawag na mga abogado ng aplikante. Ang kanilang trabaho ay ang magplano ng estratehiya para sa inyong kaso, mangalap ng mga impormasyon para suportahan ang inyong claim, subaybayan ang mga itinakdang takdang panahon at katawanin kayo sa mga pandinig sa harap ng hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa sa lokal na opisina ng inyong Workers Compensation Appeals Board (o Lupon Para sa Mga Apela sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa). Kung kukuha ka ng abogado, ibabawas ang mga bayad sa abogado sa mga benepisyong matatanggap mo. Kailangang aprubahan ng isang hukom ang mga bayad.

Kung may grabe kang problema sa iyong claim, malamang na kailanganin mong dumulong sa isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Kung magkaganun, dapat mong sagutan ang isang application para sa paghahatol ng claim. Ang form ay karaniwang dapat maisumite sa loob ng isang taon mula sa petsa ng iyong pagkapinsala o sa huling petsa na binayaran ang iyong mga benepisyo. Gamitin ang I&A [gabay 4](#) upang matulungan kang isumite ang form na ito.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov para maghanap ng lokal na [opisina ng I&A](#). Maaari mo ring i-download ang [mga gabay](#) ng I&A at makakuha ng mga impormasyon tungkol sa mga [workshop](#) para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.

DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.

FACT SHEET F

MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA MGA BENEPISYO NG UNINSURED EMPLOYERS BENEFITS TRUST FUND NG ESTADO

Ang mga pinagtatrabahuhan sa estado ng California ay inatasan ng batas na magpaseguro para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Hindi ito sinusunod ng ilang pinagtatrabahuhan. Ang Uninsured Employers Benefits Trust Fund (UEBTF) ng estado ay isang natatanging pondong gagamitin para bayaran ang mga claim ng mga empleyado na napinsala o nagkasakit habang nagtatrabaho para sa hindi ligal na di nakasegurong pinagtatrabahuhan. Binabayaran ng UEBTF ang mga napinsalang manggagawa at sinusubukang bawiin sa hindi nakasegurong pinagtatrabahuhan ang lahat ng mga benepisyong binayaran nito. Ang UEBTF ay hindi isang tagapagdulot ng seguro sa isang pinagtatrabahuhan o ikatlong partidong tagapangasiwa ng pinagtatrabahuhang mismong nagpapaseguro sa sarili.

Para maging karapat-dapat sa mga benepisyo ng UEBTF, dapat kang magsagawa ng mga partikular na hakbang. Parang mahirap ang proseso, ngunit makakatulong ang pagsasagawa ng tig-iisang hakbang. Ang dokumento ng mga impormasyong ito ay magbibigay sa iyo ng mga impormasyon tungkol sa UEBTF. Kakailanganin mo rin ng mga impormasyon at form, kasama na ang mga [gabay 16, 16 \(A\) at 16 \(B\)](#) ng Information and Assistance (I&A). Makakakuha ka ng packet na ito mula sa opisyal ng I&A sa Division of Workers Compensation (DWC) o sa online sa www.dwc.ca.gov. Sa kanan ng navigation pane, sa ilalim ng Quick Links , i-click ang maghanap ng dokumento ng impormasyon o gabay ng I & A".

Paano ko malalaman kung ang aking pinagtatrabahuhan ay may seguro para sa bayad-pinsala para sa mga manggagawa?

Ang ilang pinagtatrabahuhan ay gumagamit ng kumpanya ng seguro at ang ilan ay nagpapaseguro ng mga sarili nila. Sa alinman sa mga ito, ang iyong pinagtatrabahuhan ay kinakailangang magpaskil ng mga impormasyon tungkol sa polisa ng seguro sa bayad-pinsala para sa mga manggagawa sa lugar kung saan nagpapaskil ito ng mga ibang impormasyon sa lugar na pinagtatrabahuhan, tulad ng poster ng pinakamababang sahod Ang poster ng bayad-pinsala para sa mga manggagawa ay kailangang may pangalan, address at numero ng telepono ng tao o ng kumpanya na nag-aasikaso ng mga claim para sa iyong pinagtatrabahuhan at ang petsa ng pagkawala ng bisa ng polisa. Kung hindi ka nakakatiyak kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay may seguro o hindi sa petsang napinsala ka, tawagan ang [Workers Compensation Insurance Rating Bureau](#) (WCIRB) sa 1- 888-229-2472 para malaman ito o bumisita sa kanilang website sa www.caworkcompcoverage.com. Kung ang iyong pinagtatrabahuhan ang nagpapaseguro ng sarili nito, maaari kang makipag-ugnayan sa Office of Self Insurance Plans (Opisina ng mga Planong Pagpapaseguro ng Sarili) ng Department of Industrial Relations sa (916) 574-0300 o bumisita sa kanilang website sa www.dir.ca.gov/osp.

Ano naman kung ang aking pinagtatrabahuhan ay hindi nakaseguro?

Iligal para sa isang pinagtatrabahuhan na magpatakdo ng isang negosyo at magkaroon ng mga empleyado nang hindi nakaseguro para sa bayad-pinsala para sa mga manggagawa. Ang hindi pagsunod sa batas na ito ay maaaring magbunga ng mga napakataas ng multa, pagkakasara ng negosyo, mga kriminal na asunto ay kahit na pagkakabilanggo ng pinagtatrabahuhan. Makipag-ugnayan sa lokal na opisina sa estado ng California, ang Department of Industrial Relations, [Division of Labor Standards Enforcement](#) (DLSE) at magsampa ng reklamo kung naniniwala kang ang iyong pinagtatrabahuhan ay pinapatakbo nang hindi nakaseguro. Pumunta sa www.dir.ca.gov/dlse para mahanap ang isang opisinang malapit sa iyo.

Makatanggap ba ako ng mga benepisyong nararapat sa akin kung ang pinagtatrabahuhan ko ay hindi nakaseguro?

Oo. May mga ilang opsyon ka para sa paghabol g mga benepisyong iyon. Una, magsumite ng [DWC 1 claim form](#) (tingnan ang [gabay 1](#) ng I&A) sa iyong pinagtatrabahuhan at alamin kung ang iyong pinagtatrabahuhan ang magbabayad ng iyong mga medikal na bayarin at mga ibang benepisyo. Kung walang seguro, ang iyong pinagtatrabahuhan ay maaaring magdesisyong bayaran ang iyong medikal na bayarin at direktang bayaran sa iyo ang mga bayad-pinsala. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Employment Development Department at mag-apply para sa benepisyo ng seguro ng estado sa pagkakapinsala (state disability insurance - SDI) na maaaring makabawi ng ilan sa mga kita na nawala kung hindi ka makakapagtrabaho.

Kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay hindi nakaseguro at ayaw o hindi makakayanan na magbayad ng iyong claim, maaari ka ring maghabla para sa mga benepisyo sa isang sibil na hukuman.

Kung gagamit ka ng mga reperensiyang makukuha sa iyong lokal na DWC I&A Office at pumapayag na siyang mag-aasikaso, maaari mong makuha ang mga benepisyo mo sa pamamagitan ng pakikipagkasunduan sa iyong pinagtatrabahuhan. Malamang na kakailanganin mong humarap sa isang hukom ng bayad-pinsala para sa manggawa para "maibigay" sa iyo ang iyong mga benepisyo. Tutulungan ka ng opisyal ng I&A para malaman ang iyong mga karapatan at opsyon.

Paano ako makapag-aaplay para sa mga benepisyo sa UEBTF?

Una, magbukas ka ng kaso sa inyong lokal na opisina ng WCAB. Tingnan ang [gabay 1](#) ng I&A. May dalawang natatanging kailangan na **dapat** mong matugunan para makapagsumite ng claim sa UEBTF:

1. Dapat na wasto mong matutukoy (magbigay ng legal na pangalan ng) iyong pinagtatrabahuhan
2. Dapat mong abisuhan ang iyong pinagtatrabahuhan tungkol sa iyong claim sa pamamagitan ng isang legal na proseso na tinatawag na "abisuhan"(service).

Mababayaran lamang ng UEBTF ang mga benepisyo mo kung ang iyong pinagtatrabahuhan ay wastong napangalanan at naserbisuhan. Kung ikaw ay haharap sa isang hukom ng bayad-pinsala para sa mga manggagawa at matanggap ang mga "ipinagkaloob" na benepisyo, dapat na bayaran ng UEBTF ang ipinagkaloob kung hindi magagawa ito ng pinagtatrabahuhan. Kung hindi ka magsisimulang makatanggap ng mga benepisyo mula sa iyong pinagtatrabahuhan sa loob ng 10 araw pagkatapos nitong malaman ang tungkol sa ipagkaloob sa iyo, maaari kang magpatulong sa opisyal ng I&A para makuha ang mga benepisyo mula sa UEBTF. Maaaring magdesisyon ang UEBTF ayon sa sarili nitong pagdedesisyon, na bayaran ang iyong mga benepisyo bago ilabas ng hukom ang ipagkaloob sa iyo, para gustuhin mong magsumite nang sabay ng iyong mga papeles sa WCAB at sa UEBTF.

Tingnan ang [gabay 16](#) ng I&A para sa bawat hakbang ng proseso ng pag-apply. Tingnan ang [gabay 16 \(A\)](#) ng I&A para sa mga impormasyon para pangalanan ang iyong pinagtatrabahuhan. Tingnan ang [gabay 16 \(B\)](#) ng I&A para sa mga impormasyon kung paano abisuhan ang iyong pinagtatrabahuhan. Tandaan, **dapat** mong wastong mapangalanan at maabisuhan ang iyong pinagtatrabahuhan para makuha ang mga benepisyong ito.

Hindi ako nadokumentuhang manggagawa. Karapat-dapat ba ako sa mga benepisyo?

Oo. Ang lahat ng mga manggagawa ng California -- maging sila man ay awtorisado ng batas na magtrabaho sa Estados Unidos o hindi -- sila ay karapat-dapat sa mga benepisyo kung napinsala sa trabaho. Kung karapat-dapat ka para sa medikal na paggamot, mga bayad para sa pansamantalang kapansanan kung ikaw ay hindi makakapagtrabaho habang nagpapagaling sa mga ilang paraan bilang resulta ng iyong pagkapinsala at benepisyo sa pagkamatay. Maaari kang maging karapat-dapat para sa karagdagang benepisyo para pagbabagoo pagkatanggal sa trabaho kung ikaw ay may permanenteng kapansanan.

Mukhang napakakumplikado ng prosesong ito. Kakailanganin ko bang kumuha ng abogado?

Kung isasagawa mo ang proseso isa-isa ang hakbang matutuklasan mong madali ito. Maaari ka ring tumawag ng abogado para talakayin ang iyong kaso. Ang iyong opisyal sa lokal na I&A ay may listahan ng mga abogadong umaasikaso ng kaso tungkol sa sa batas ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Maaari mo ring tingnan ang mga dilaw na pahina ng direktoryo ng telepono, ang State Bar, o lokal na bar association para makahanap ng abogado sa bayad-pinsala sa mga manggagawa.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na [opisina ng I&A](#). Maaari mo ring i-download ang [mga gabay](#) ng I&A at kumuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.

DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.

FACTSHEET A

MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA PAGGAMIT

Ang pagrerepaso sa paggamit (utilization review - UR) ay ang prosesong ginagamit ng mga pinagtatrabahuhan o mga tagapangasiwa ng mga paghahabol upang pag-aralan ang paggamot para malaman kung ito ay isang medikal na pangangailangan.

Lahat ng pinagtatrabahuhan o tagapangasiwa ng mga claim na umaasikaso sa mga claim ng bayad-pinsala ng kanilang mga manggagawa ay inaatasan ng batas na magkaroon ng programa sa UR. Gumagamit ang programang ito ng mga alituntunin sa medikal na paggamot na itinakda ng estado para makapagdesisyon kung aaprubahan o hindi ang medikal na paggamot na inirerekomenda ng iyong doktor.

Ano ang mga alituntunin sa medikal na paggamot na itinatakda ng estado?

Idinedetalye ng iskedyul ng paggamit ng medikal na paggamot (medical treatment utilization schedule - MTUS) ng California ang mga paggamot na napatunayan ng siyentipikong nakapagpapagaling o nakapagpapaghawa ng mga pinsala at karamdaman na nauugnay sa trabaho. Isinasaad ng MTUS ang mga paggamot na mabisa para sa mga partikular na pinsala, gaano kadalas ang kailangang ibigay na paggamot, ang tagal ng paggamot at mga iba pang detalye.

Saan ko makikita ang MTUS?

Pumunta sa www.dwc.ca.gov. Sa kanan ng navigation pane sa ilalim ng Quick Links , i-click ang Publications . Mag-scroll pababa sa mga iskedyul at i-click ang [medical treatment utilization schedule](#) (MTUS).

Paano kung wala sa MTUS ang paggamot na inirerekomenda ng aking doktor?

Kailangang gumamit ang iyong doktor ng mga iba pang nakabatay sa siyensiya na mga alituntunin sa medikal na paggamot na sa pangkalahatan ay katanggap-tanggap sa medikal na komunidad ng buong bansa upang suportahan ang inirerekomendang paggamot.

Pinagkalooban ako ng medikal na paggamot sa hinaharap para sa aking pagkapinsalang nauugnay sa trabaho. Mayroon akong kopya ng pagkaloob na ito. Nauukol ba sa akin ang UR?

Oo. Ipinairal ang batas na nag-uutos ng UR noong Ene.1, 2004. Ipinairal ito sa lahat ng mga ibinibigay na medikal na paggamot, kahit na natanggap mo ang ipinagkaloob na ito bago Ene.1, 2004.

Sino ang maaaring sumuri sa medikal na paggamot na inirekomenda ng aking doktor?

Ang sinumang umaasikaso sa mga claim ay maaaring **mag-aproba** sa paggamot na inirekomenda ng iyong doktor. Gayunpaman, ang desisyon na **ipagkait** o **palitan** ang paggamot sa iyo ay maaari lamang gawin ng isang doktor na nakakaintindi ng uri ng pinsala o karamdaman mo at sa inirerekomendang paggamot.

Anong mangyayari kung magrerekomenda ang aking doktor ng paggamot at isasagawa ang UR ng tagapangasiwa ng mga claim?

Kailangang isagawa ng tagapangasiwa ng mga claim ang pagsusuri at magdesisyon sa loob ng limang araw mula sa petsa ng paghiling ng iyong doktor ng paggamot. Kung kailangan ang mga karagdagang impormasyon para makapagdesisyon, may panahon ang tagapangasiwa ng mga claim ng hanggang 14 na araw.

Anong mangyayari kung naidulot na ng aking doktor ang paggamot at magsasagawa ng UR ang tagapangasiwa ng mga claim?

Kailangang maisagawa ang pagsusuri at maibigay ang desisyon sa iyong doktor sa loob ng 30 araw.

Anong mangyayari kung ginamot ako at sasabihin ng tagapangasiwa ng mga claim na hindi nila babayaran ito? Ako ba ag kailangang magbabayad?

Malamang na hindi. Problema itong kailangang lutasin ng iyong doktor at ng tagapangasiwa ng mga claim.

Paano kung hihiling ng paggamot ang aking doktor habang ako ay nasa ospital?

Maaaring humingi ang iyong doktor ng regular o "pinabilis na pagsusuri" habang ginagamot ka sa ospital.

Ano ang pinabilis na pagsusuri?

Nangyayari ito kapag nagrerekomenda ang iyong doktor ng paggamot at sasabihin sa iyong magkakaroon ng malubhang banta sa iyong kalusugan kung hindi ito maibibigay sa iyo. Maaaring mangahulugan ito ng posibleng pagkamatay, pagkawala ng kamay o paa o mga iba pang bahagi ng katawan na may mahalagang gamit. Maaari din itong mangahulugang ang normal na panahon para sa isang desisyon ay maaaring magdulot ng pinsala sa iyong buhay o kalusugan, o maaaring permanente nitong ilalagay sa panganib ang iyong kakayahang gumaling nang lubusan.

Gaano katagal ang isang pinabilis na pagsusuri?

May 72 oras ang tagapangasiwa ng mga claim mula sa panahong natanggap nila ang impormasyong kailangan nila upang makapagdesisyon. Kung napakalubha ng iyong kondisyon na magiging napakatagal ang 72 oras, kailangang silang magdesisyon nang mas maaga.

Maaari bang ipahinto ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot sa akin kung nasa ospital ako?

Hindi maaaring ipahinto ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot na inirekomenda ng iyong doktor hanggang sa makausap nila ang iyong doktor at makapag-isip ng ibang plano na sasang-ayunan ng iyong doktor.

Sasabihin ba sa akin ng tagapangasiwa ng mga claim kung nagdesisyon silang palitan, ipagpaliban o ipagkait ang kahilingan ng aking doktor na gamutin ako?

Oo. Dapat sabihin ito sa iyo ng tagapangasiwa ng mga claim, at sa iyong abogado kung may kumakatawan sa iyo, at sa iyong doktor sa pamamagitan ng pagsulat at pagbanggit kung bakit nila pinapalitan, ipinagpapaliban, o ipinagkakait ang paggamot sa iyo.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon ng tagapangasiwa ng mga claim?

May mga partikular na panahon na dapat mong tugunan, kung hindi ay mawawalan ka ng mga mahahalagang karapatan. Hanggang Hulyo 1, 2013, ang mga hindi pagkakasunduan tungkol sa medikal na paggamot para sa lahat ng mga petsa ng pagkapinsala ay lulutasin ng mga doktor sa pamamagitan ng prosesong independiyenteng medikal na pagsusuri (independent medical review - IMR). Kung ipagkakait o papalitan ng UR ang kahilingan ng gumagamot na doktor para sa medikal na paggamot dahil ang paggamot ay hindi medikal na pangangailangan, maaari kang humingi ng pagsusuri ng desisyong iyon sa pamamagitan ng IMR.

Kasama sa nakasulat na desisyon na nagkait o nagbago ng hinihiling na paggamot sa iyo, makakatanggap ka ng hindi nalagdaan ngunit kumpletong form ng IRM at may address na sobre. Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon, dapat mong lagdaan at ipadala ang form na ito sa sobre upang simulan ang proseso ng IMR.

Mangyaring bisitahin ang IMR FAQ sa http://www.dir.ca.gov/dwc/IMR/IMR_FAQs.htm para sa mga detalyadong impormasyon tungkol sa mismong proseso, pagiging karapat-dapat at mga itinakdang petsa, pati na rin ang link sa form para sa paghiling ng IMR.

May anumang paraan ba para matulongang maging maayos ang pag-usad ng UR?

Magiging maayos ang pag-usad ng UR kapag patuloy na nakikipag-ugnayan ang iyong doktor sa doktor ng tagapangasiwa ng mga claim sa kabuuan ng proseso. Dapat na isaad ng iyong doktor ang mga dahilan para sa paggamot na hinihiling kapag humihiling. At kung ang doktor ng tagapangasiwa ng mga claim ay hihingi pa ng mga karagdagang impormasyon, kailangang tumugon ang iyong doktor.

Paano kung mahigit sa 14 na araw na ang lumipas simula nang humiling ang aking doktor ng paggamot at wala pa kaming naririnig o natatanggap na anuman mula sa tagapangasiwa ng mga claim?

Kung hindi pa nakakatanggap ang iyong doktor ng sagot mula sa tagapangasiwa ng mga claim, dapat kang maghain ng pagpapahayag ng kahandaang magpatuloy sa pinabilis na pandinig. Ang isang tagapangasiwa ng mga claim na hindi nakatutugon sa naaangkop na takdang araw para sa pagsusuri sa paggamit ay hindi makakatutol sa pagbibigay ng doktor ng hiniling na paggamot.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na [opisina ng I&A](#). Maaari mo ring i-download ang [mga gabay](#) ng I&A at makakakuha ng mga impormasyon tungkol sa mga [workshop](#) para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.



Workers' Compensation Claim Form (DWC 1) & Notice of Potential Eligibility
Claim Form para sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa (DWC 1) at Pautawa sa Posibleng Pagiging Karapat-dapat

If you are injured or become ill, either physically or mentally, because of your job, including injuries resulting from a workplace crime, you may be entitled to workers' compensation benefits. Use the attached form to file a workers' compensation claim with your employer. **You should read all of the information below.** Keep this sheet and all other papers for your records. You may be eligible for some or all of the benefits listed depending on the nature of your claim. If you file a claim, the claims administrator, who is responsible for handling your claim, must notify you within 14 days whether your claim is accepted or whether additional investigation is needed.

To file a claim, complete the "Employee" section of the form, keep one copy and give the rest to your employer. Do this right away to avoid problems with your claim. In some cases, benefits will not start until you inform your employer about your injury by filing a claim form. Describe your injury completely. Include every part of your body affected by the injury. If you mail the form to your employer, use first-class or certified mail. If you buy a return receipt, you will be able to prove that the claim form was mailed and when it was delivered. Within one working day after you file the claim form, your employer must complete the "Employer" section, give you a dated copy, keep one copy, and send one to the claims administrator.

Medical Care: Your claims administrator will pay for all reasonable and necessary medical care for your work injury or illness. Medical benefits are subject to approval and may include treatment by a doctor, hospital services, physical therapy, lab tests, x-rays, medicines, equipment and travel costs. Your claims administrator will pay the costs of approved medical services directly so you should never see a bill. There are limits on chiropractic, physical therapy, and other occupational therapy visits.

The Primary Treating Physician (PTP) is the doctor with the overall responsibility for treatment of your injury or illness.

- If you previously designated your personal physician or a medical group, you may see your personal physician or the medical group after you are injured.
- If your employer is using a medical provider network (MPN) or Health Care Organization (HCO), in most cases, you will be treated in the MPN or HCO unless you pre-designated your personal physician or a medical group. An MPN is a group of health care providers who provide treatment to workers injured on the job. You should receive information from your employer if you are covered by an HCO or a MPN. Contact your employer for more information.
- If your employer is not using an MPN or HCO, in most cases, the claims administrator can choose the doctor who first treats you unless you pre-designated your personal physician or a medical group.
- If your employer has not put up a poster describing your rights to workers' compensation, you may be able to be treated by your personal physician right after you are injured.

Within one working day after you file a claim form, your employer or the claims administrator must authorize up to \$10,000 in treatment for your injury, consistent with the applicable treating guidelines until the claim is accepted or rejected. If the employer or claims administrator does not authorize treatment right away, talk to your supervisor, someone else in management, or the claims administrator. Ask for treatment to be authorized right now, while waiting for a decision on your claim. If the employer or claims administrator will not authorize treatment, use your own health insurance to get medical care. Your health insurer will seek reimbursement from the claims administrator. If you do not have health insurance, there are doctors, clinics or hospitals that will treat you without immediate payment. They will seek reimbursement from the claims administrator.

Switching to a Different Doctor as Your PTP:

- If you are being treated in a Medical Provider Network (MPN), you may switch to other doctors within the MPN after the first visit.
- If you are being treated in a Health Care Organization (HCO), you may switch at least one time to another doctor within the HCO. You may switch to a doctor outside the HCO 90 or 180 days after your injury is reported to your employer (depending on whether you are covered by employer-provided health insurance).
- If you are not being treated in an MPN or HCO and did not pre-designate, you may switch to a new doctor one time during the first 30 days after your injury is reported to your employer. Contact the claims administrator to switch doctors. After 30 days, you may switch to a doctor of your choice if

Kung ikaw ay magtamo ng pinsala o nagkasakit, sa katawan o pag-iisip, dahil sa iyong trabaho, kabilang ang mga pinsalang dulot ng krimen sa lugar ng pinagtatrabahuhan, maaaring karapat-dapat ka sa mga benepisyo na bayad-pinsala sa mga manggagawa. Gamitin ang nakalakip na form para mag-file sa iyong pinagtatrabahuhan ng claim para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. **Dapat mong basahin ang lahat ng impormasyon sa ibaba.** Itago ang dokumentong ito at lahat ng mga iba pang papeles para sa iyong mga record. Maaaring karapat-dapat ka para sa ilan o lahat ng mga nakalistang benepisyo depende sa uri ng iyong claim. Kung magsusumite ka ng claim, dapat kang abisuhan ng tagapangasiwa ng mga claim na responsable sa pagproseso ng iyong claim sa loob ng 14 na araw kung ang claim ay tinanggap o kung nangangailangan ng karagdagang imbestigasyon.

Para magsumite ng claim, sagutan ang seksyon ng form na "Empleyado", magtago ng isang kopya at ibigay ang iba sa iyong pinagtatrabahuhan. Gawin ito kaagad upang maiwasan ang mga problema sa claim mo. Sa ilang mga kaso, hindi magsisimula ang mga benepisyo hangga't ipinagbigay-alam mo sa iyong pinagtatrabahuhan ang tungkol sa tinamo mong pinsala sa pamamagitan ng pagsusumite ng claim form. Ilarawang mabuti ang tinamo mong pinsala. Isama ang bawat bahagi ng iyong katawan na naapektuhan ng pinsala. Kung ipapadala mo ang form sa iyong pinagtatrabahuhan sa pamamagitan ng koreo, gumamit ng first-class o certified na koreo. Kung bibili ka ng return receipt, mapapatunayan mong naipadala sa koreo ang claim form at ito'y naihatid. Sa loob ng isang araw ng trabaho matapos mong isumite ang claim form, dapat na sagutan ng iyong pinagtatrabahuhan ang seksyon na "Pinagtatrabahuhan", bibigyan ka ng nalagyan ng petsa na kopya, magtabi ng isa, at ipadala ang isa pang kopya sa tagapangasiwa ng mga claim.

Medikal na Pangangalaga: Babayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang lahat ng makatwiran at kinakailangang medikal na pangangalaga para sa tinamo mong pinsala o karamdaman. Ang mga benepisyong medikal ay napapasailalam sa pag-aproba at maaaring kabibilangan ng paggamot ng isang doktor, mga serbisyo ng ospital, physical therapy, mga pagpapasuri sa laboratoryo, mga x-ray, gamot, mga kasangkapan at gastos sa pagbibiyah. Direktang babayaran ng iyong tagapangasiwa ng mga claim ang mga gastos ng mga naaprubahan serbisyong medikal para hindi ka kailanman makatanggap ng bill. May mga limitasyon sa mga pagbisita sa chiropractor, physical therapy, at mga iba pang pagbisita para sa occupational therapy.

Ang Pangunahing Gumagamot na Doktor (PTP) ay ang doktor na may pangkalahatang responsibilidad para sa paggamot sa pinsala o karamdaman mo.

- Kung nagtalaga ka noon ng iyong personal na doktor o medikal na grupo, maaari kang magpatingin sa iyong personal na doktor o sa medikal na grupo pagkaraan ng pagtamo mo ng pinsala.
- Kung gumagamit ang pinagtatrabahuhan mo ng isang network ng tagapagdulong serbisyong medikal (medical provider network - MPN) o Organisasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Organization - HCO), sa kadalasan, gagamutin ka sa MPN o HCO maliban kung nauna mong itinalaga ang iyong personal na doktor o medikal na grupo. Ang MPN ay isang grupo ng mga tagapagdulong ng pangangalagang pangkalusugan na nagdudulong ng paggamot sa mga manggagawang nagtamo ng pinsala sa trabaho. Dapat kang makatanggap ng mga impormasyon mula sa iyong pinagtatrabahuhan kung sakop ka ng isang HCO o MPN. Makipag-ugnayan sa iyong pinagtatrabahuhan para sa mga karagdagang impormasyon.
- Kung hindi gumagamit ang pinagtatrabahuhan mo ng MPN o HCO, sa kadalasan, maaaring pumili ang tagapangasiwa ng mga claim ng doktor na unang gagamot sa iyo maliban kung nauna kang nagtalaga ng iyong personal na doktor o medikal na grupo.
- Kung hindi nagpaskil ang pinagtatrabahuhan mo ng isang poster na naglalarawan sa iyong mga karapatan sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, maaari kang gamutin kaagad ng iyong personal na doktor matapos mong magtamo ng pinsala.

Sa loob ng isang araw ng trabaho matapos mong magsumite ng claim form, dapat na pahintulutan ng iyong pinagtatrabahuhan o ng tagapangasiwa ng mga claim ang hanggang \$10,000 sa paggamot para sa iyong pinsala, nang naayon sa mga naaangkop na alituntunin sa paggamot hangga't tanggapin o tanggihan ang claim. Kung hindi kaagad pahihintulutan ng pinagtatrabahuhan o ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot, makipag-usap sa iyong superbisor, isang tao sa pangasiwaan, o sa tagapangasiwa ng mga claim. Humingi ng paggamot para mapahintulutan ngayon, habang naghihintay ng desisyon sa iyong claim. Kung hindi pahihintulutan ng pinagtatrabahuhan o ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot, gamitin ang iyong sariling segurong pangkalusugan upang madulutan ng pangangalagang medikal. Ipapabayad ang ginastos ng tagapagseguro ng iyong kalusugan sa tagapangasiwa ng mga claim. Kung wala kang segurong pangkalusugan, may mga doktor, klinika o ospital na gagamot sa iyo nang hindi kinakailangan magbayad kaagad. Ipapabayad nila ang mga gastos sa tagapangasiwa ng mga claim.

Paglipat sa Ibang Doktor Bilang Iyong PTP:

- Kung ginagamot ka sa isang Network ng Tagapagdulong ng Serbisyong Medikal (Medical Provider Network - MPN), maaari kang lumipat sa mga ibang doktor sa loob ng MPN matapos ang unang pagbisita.
- Kung ginagamot ka sa isang Organisasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan (HCO), maaari kang lumipat nang hindi bababa sa isang beses sa ibang doktor sa loob ng HCO. Maaari kang lumipat sa ibang doktor sa labas ng HCO sa 90 o 180 araw matapos maulat ang iyong pinsala sa pinagtatrabahuhan mo (depende kung sakop ka o hindi ng segurong pangkalusugan na ipinagkakaloob ng pinagtatrabahuhan).

your employer or the claims administrator has not created or selected an MPN.

Disclosure of Medical Records: After you make a claim for workers' compensation benefits, your medical records will not have the same level of privacy that you usually expect. If you don't agree to voluntarily release medical records, a workers' compensation judge may decide what records will be released. If you request privacy, the judge may "seal" (keep private) certain medical records.

Problems with Medical Care and Medical Reports: At some point during your claim, you might disagree with your PTP about what treatment is necessary. If this happens, you can switch to other doctors as described above. If you cannot reach agreement with another doctor, the steps to take depend on whether you are receiving care in an MPN, HCO, or neither. For more information, see "Learn More About Workers' Compensation," below.

If the claims administrator denies treatment recommended by your PTP, you may request independent medical review (IMR) using the request form included with the claims administrator's written decision to deny treatment. The IMR process is similar to the group health IMR process, and takes approximately 40 (or fewer) days to arrive at a determination so that appropriate treatment can be given. Your attorney or your physician may assist you in the IMR process. IMR is not available to resolve disputes over matters other than the medical necessity of a particular treatment requested by your physician.

If you disagree with your PTP on matters other than treatment, such as the cause of your injury or how severe the injury is, you can switch to other doctors as described above. If you cannot reach agreement with another doctor, notify the claims administrator in writing as soon as possible. In some cases, you risk losing the right to challenge your PTP's opinion unless you do this promptly. If you do not have an attorney, the claims administrator must send you instructions on how to be seen by a doctor called a qualified medical evaluator (QME) to help resolve the dispute. If you have an attorney, the claims administrator may try to reach agreement with your attorney on a doctor called an agreed medical evaluator (AME). If the claims administrator disagrees with your PTP on matters other than treatment, the claims administrator can require you to be seen by a QME or AME.

Payment for Temporary Disability (Lost Wages): If you can't work while you are recovering from a job injury or illness, you may receive temporary disability payments for a limited period. These payments may change or stop when your doctor says you are able to return to work. These benefits are tax-free. Temporary disability payments are two-thirds of your average weekly pay, within minimums and maximums set by state law. Payments are not made for the first three days you are off the job unless you are hospitalized overnight or cannot work for more than 14 days.

Stay at Work or Return to Work: Being injured does not mean you must stop working. If you can continue working, you should. If not, it is important to go back to work with your current employer as soon as you are medically able. Studies show that the longer you are off work, the harder it is to get back to your original job and wages. While you are recovering, your PTP, your employer (supervisors or others in management), the claims administrator, and your attorney (if you have one) will work with you to decide how you will stay at work or return to work and what work you will do. Actively communicate with your PTP, your employer, and the claims administrator about the work you did before you were injured, your medical condition and the kinds of work you can do now, and the kinds of work that your employer could make available to you.

Payment for Permanent Disability: If a doctor says you have not recovered completely from your injury and you will always be limited in the work you can do, you may receive additional payments. The amount will depend on the type of injury, extent of impairment, your age, occupation, date of injury, and your wages before you were injured.

Supplemental Job Displacement Benefit (SJDB): If you were injured on or after 1/1/04, and your injury results in a permanent disability and your employer does not offer regular, modified, or alternative work, you may qualify for a nontransferable voucher payable for retraining and/or skill enhancement. If you qualify, the claims administrator will pay the costs up to the maximum set by state law.

Death Benefits: If the injury or illness causes death, payments may be made to a

- Kung hindi ka ginagamot sa isang MPN o HCO at hindi ka nagtatalaganon, maaari kang lumipat sa isang bagong doktor nang minsan sa loob ng unang 30 araw matapos na maiulat ang iyong pinsala sa pinagtatrabahuhan mo. Makipag-ugnayan sa tagapangasiwa ng mga claim upang lumipat ng doktor. Makalipas ang 30 araw, maaari kang lumipat ng doktor na pipiliin mo kung hindi gumawa o pumili ng isang MPN ang iyong pinagtatrabahuhan o ang tagapangasiwa ng mga claim.

Pagsiwalat ng Mga Medikal na Rekord: Matapos mong gumawa ng claim para sa mga benepisyo ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, hindi na magiging kasingpribado ang iyong mga medikal na rekord na dati mong inaaasahan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa boluntaryong paglalabas ng mga medikal na rekord, maaaring magdesisyon ang isang hukom ng bayad-pinsala sa mga manggagawa kung aling mga rekord ang ilalabas. Kung hihilingin ang pagiging pribado mo, maaaring "selyaduhan" (panatilihin pribado) ng hukom ang mga partikular na medikal na rekord.

Mga Problema sa Medikal na Pangangalaga at Mga Medikal na Report: Sa ilang pagkakataon sa panahon ng iyong claim, maaaring hindi ka sumang-ayon sa iyong PTP tungkol sa kung aling paggamot ang kinakailangan. Kung mangyayari ito, maaari kang lumipat sa mga ibang doktor tulad ng inilalarawan sa itaas. Kung hindi kayo magkasundo ng isa pang doktor, ang mga hakbang na gagawin ay nakasalalay sa kung dinudulutan ka ng pangangalaga ng isang MPN, HCO, o wala sa mga ito. Para sa mga karagdagang impormasyon, tingnan ang "Alamin pa ang Tungkol sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa," sa ibaba.

Kung ipagkakait ng tagapangasiwa ng mga claim ang paggamot na inirekomenda ng iyong PTP, maaari kang humiling ng independiyenteng medikal na pagsusuri (independent medical review - IMR) gamit ang form sa paghiling na kasama ng nakasulat na desisyon ng tagapangasiwa ng mga claim na ipagkait ang paggamot. Ang proseso ng IMR ay katulad ng proseso ng IMR ng panggrupong kalusugan, at nagtatagal nang humigit-kumulang 40 (o mas kaunti) araw para magdesisyon ang pagtukoy nang sa gayo'y maibigay ang naaangkop na paggamot. Maaari kang tunglutan ng abogado o ng doktor mo sa proseso ng IMR. Hindi magagamit ang IMR sa paglutas ng mga hindi pagkakaintindihan sa mga bagay bukod sa medikal na pangangailangan ng partikular na paggamot na hinihiling ng doktor mo.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong PTP sa mga bagay bukod sa paggamot, tulad ng dahilan ng pinsala mo o kung gaano kalala ang pinsala, maaari kang lumipat sa mga ibang doktor tulad ng inilalarawan sa itaas. Kung hindi kayo magkasundo ng ibang doktor, abusuhan ang tagapangasiwa ng mga claim sa pamamagitan ng sulat sa lalong madaling panahon. Sa kadalasan, malamang na mawawala sa iyo ang karapatang salungatin ang opinyon ng iyong PTP maliban kung gawin mo kaagad ito. Kung wala kang abogado, dapat kang padalhan ng tagapangasiwa ng mga claim ng mga tagubilin sa pagpapatingin sa isang doktor na tinatawag na kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluator - QME) upang tumulong sa paglutas ng di pagkakaintindihan. Kung may abogado ka, maaaring subukan ng tagapangasiwa ng mga claim na makipagkasundo sa iyong abogado tungkol sa isang doktor na tinatawag na pinagkasunduang medikal na tagasuri (agreed medical evaluator - AME). Kung hindi sumasang-ayon ang tagapangasiwa ng mga claim sa iyong PTP sa mga bagay-bagay bukod sa paggamot, maaaring ibilin ng tagapangasiwa ng mga claim sa iyong magpatingin sa isang QME o AME.

Bayad para sa Pansamantalang Kapansanan (Mga Nawalang Sahod): Kung hindi ka makapagtrabaho habang nagpapagaling ka sa isang pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho, maaari kang makatanggap ng mga bayad para sa pansamantalang kapansanan sa limitadong panahon. Maaaring magbago o mahinto ang mga bayad na ito kapag sasabihin ng iyong doktor na kaya mo nang bumalik sa trabaho. Ang mga benepisyo ng ito ay hindi pinapatawan ng buwis. Ang mga bayad para sa pansamantalang kapansanan ay dalawa ng tatlong bahagi (two-thirds) ng iyong karaniwang lingguhang bayad, na nasa pagitan ng mga pinakamababa hanggang sa pinakamataas na itinatakda ng batas ng estado. Hindi ibinibigay ang bayad para sa unang tatlong araw na wala ka sa trabaho maliban kung maospital ka nang magdamag o hindi ka makapagtrabaho nang mahigit 14 na araw.

Manatili o Bumalik sa Trabaho: Ang pagtamo ng pinsala ay hindi nangangahulugang dapat ka nang huminto sa pagtatrabaho. Kung maaari mong ipagpatuloy ang pagtatrabaho, dapat mong gawin ito. Kung hindi, mahalagang bumalik sa trabaho sa iyong kasalukuyang pinagtatrabahuhan sa sandaling kaya na mo batay sa iyong medikal na kondisyon. Ipinapakita ng mga pag-aaral na habang mas matagal kang wala sa trabaho, mas mahirap bumalik sa iyong orihinal na trabaho at mga sahod. Habang ikaw ay nagpapagaling, makikipagtulungan sa iyo ang iyong PTP, ang iyong pinagtatrabahuhan (mga superbisitor o iba pa sa pangasiwaan), ang tagapangasiwa ng mga claim, at ang abogado mo (kung mayroon ka man) upang magdesisyon kung paano ka mananatili sa trabaho o babalik sa trabaho at kung anong trabaho ang gagawin mo. Aktibong makipag-usap sa iyong PTP, pinagtatrabahuhan, at sa tagapangasiwa ng mga claim tungkol sa trabahong ginawa mo noon bago ka nagkapinsala, iyong medikal na kondisyon at sa mga uri ng trabaho na kaya mong gawin ngayon, at sa mga uri ng trabaho na maaaring ibigay sa iyo ng pinagtatrabahuhan mo.

spouse and other relatives or household members who were financially dependent on the deceased worker.

It is illegal for your employer to punish or fire you for having a job injury or illness, for filing a claim, or testifying in another person's workers' compensation case (Labor Code 132a). If proven, you may receive lost wages, job reinstatement, increased benefits, and costs and expenses up to limits set by the state.

Resolving Problems or Disputes: You have the right to disagree with decisions affecting your claim. If you have a disagreement, contact your employer or claims administrator first to see if you can resolve it. If you are not receiving benefits, you may be able to get State Disability Insurance (SDI) or unemployment insurance (UI) benefits. Call the state Employment Development Department at (800) 480-3287 or (866) 333-4606, or go to their website at www.edd.ca.gov.

You Can Contact an Information & Assistance (I&A) Officer: State I&A officers answer questions, help injured workers, provide forms, and help resolve problems. Some I&A officers hold workshops for injured workers. To obtain important information about the workers' compensation claims process and your rights and obligations, go to www.dwc.ca.gov or contact an I&A officer of the state Division of Workers' Compensation. You can also hear recorded information and a list of local I&A offices by calling (800) 736-7401.

You can consult with an attorney. Most attorneys offer one free consultation. If you decide to hire an attorney, his or her fee will be taken out of some of your benefits. For names of workers' compensation attorneys, call the State Bar of California at (415) 538-2120 or go to their website at www.californiaspecialist.org.

Learn More About Workers' Compensation: For more information about the workers' compensation claims process, go to www.dwc.ca.gov. At the website, you can access a useful booklet, "Workers' Compensation in California: A Guidebook for Injured Workers." You can also contact an Information & Assistance Officer (above), or hear recorded information by calling 1-800-736-7401.

Bayad para sa Permanenteng Kapansanan: Kung sasabihin ng doktor na hindi pa ka ganap na gumaling sa iyong pinsala at palagi kang malilimitahan sa trabahong magagawa mo, maaari kang makatanggap ng mga karagdagang bayad. Ang halaga ay depende sa uri ng pinsala, sa hangganan ng kapansanan, sa iyong edad, hanapbuhay, petsa ng pinsala, at sa mga sahod mo bago ka nagtamo ng pinsala.

Karagdagang Benepisyo sa Pagbago ng Trabaho (Supplemental Job Displacement Benefit - SJDB): Kung nagtamo ka ng pinsala sa o makalipas ang 1/1/04, at ang pinsala mo ay magreresulta sa isang permanenteng kapansanan at hindi mag-aalok ang iyong pinagtatrabahuhan ng regular, binago, o alternatibong trabaho, maaaring maging kwalipikado ka para sa isang di naililipat na voucher na babayaran para sa muling pagsasanay at/o pagpapahusay ng kakayahan. Kung kwalipikado ka, babayaran ng tagapangasiwa ng mga claim ang mga halagang hanggang sa pinakamataas na itinatakdang batas ng estado.

Mga Benepisyo sa Pagkamatay: Kung ang pinsala o karamdaman ay magiging sanhi ng pagkamatay, ang mga bayad ay maaaring ibigay sa asawa at mga iba pang kamag-anak o mga miyembro ng sambahayan na umaasa sa namatay na manggagawa para sa pinansiyal na suporta.

Labag sa batas para sa iyong pinagtatrabahuhan na parusahan o sisantehin ka sa pagkakaroon ng pinsala o karamdaman na nauugnay sa trabaho, para sa pagpsusumite ng claim, o pagtetestigo sa kaso ng ibang tao para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa (Labor Code 132a). Kung mapatunayan, maaari kang makatanggap ng mga nawalang sahod, maitalagang muli sa trabaho, tumaas na mga benepisyo, at mga ipinambayad at ipinangastos hanggang sa mga limitasyong itinatakdang ng estado.

Paglutas sa mga Problema o Hindi Pagkakaintindihan: May karapatan kang hindi sumang-ayon sa mga desisyong nakakaapekto sa iyong claim. Kung mayroon kayong hindi pagkakaintindihan, makipag-ugnayan muna ka sa iyong pinagtatrabahuhan o tagapangasiwa ng mga claim upang alamin kung malulutas ninyo ito. Kung hindi ka nakakatanggap ng mga benepisyo, maaaring makakakuha ka ng Seguro sa Kapansanan ng Estado (State Disability Insurance - SDI) o mga benepisyo ng seguro sa kawalan ng trabaho (unemployment insurance - UI). Tawagan ang Employment Development Department ng estado sa (800) 480-3287 o (866) 333-4606, o pumunta sa kanilang website sa www.edd.ca.gov.

Maaari kang Makipag-Ugnayan sa isang Opisyal ng Information & Assistance (I&A): Sinasagot ng mga opisyal ng I&A ng estado ang mga tanong, tumutulong sa mga napinsalang manggagawa, nagbibigay ng mga form, at tumutulong sa paglutas ng mga problema. Ang ilang mga opisyal ng I&A ay nagdaraos ng mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa. Upang kumuha ng importanteng impormasyon tungkol sa mga claim para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa at sa iyong mga karapatan at obligasyon, pumunta sa www.dwc.ca.gov o makipag-ugnayan sa isang opisyal ng I&A ng Division of Workers' Compensation. Maaari din mong pakinggan ang mga nakarekord na impormasyon at listahan ng mga lokal na opisina ng I&A sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 736-7401.

Maaari kang kumonsulta sa isang abogado. Karamihan ng mga abogado ay nag-aalok ng libreng konsultasyon. Kung magdesisyon kang kumuha ng isang abogado, ang kanyang bayad ay ikakaltas sa ilan sa iyong mga benepisyo. Para sa mga pangalan ng mga abogado ng bayad-pinsala sa mga manggagawa, tawagan ang State Bar of California sa (415) 538-2120 o pumunta sa kanilang website sa www.californiaspecialist.org.

Alamin pa ang Tungkol sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa: Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng mga claim sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, pumunta sa www.dwc.ca.gov. Sa website, maaari mong i-access ang isang makakatulong na libreto, ang "Workers' Compensation in California: A Guidebook for Injured Workers." Maaari ka ring makipag-ugnayan sa isang Opisyal ng Information & Assistance (sa itaas), o pakinggan ang mga nakarekord na impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-736-7401.



WORKERS' COMPENSATION CLAIM FORM (DWC 1)

CLAIM FORM PARA SA BAYAD-PINSALA SA MGA MANGGAGAWA (DWC 1)

Employee: Complete the "Employee" section and give the form to your employer. Keep a copy and mark it "Employee's Temporary Receipt" until you receive the signed and dated copy from your employer.

You should also have received a pamphlet from your employer describing workers' compensation benefits and the procedures to obtain them. You may receive written notices from your employer or its claims administrator about your claim.

Any person who makes or causes to be made any knowingly false or fraudulent material statement or material representation for the purpose of obtaining or denying workers' compensation benefits or payments is guilty of a felony.

Empleyado: Sagutan ang seksyon ng "Empleyado" at ibigay ang form sa iyong pinagtatrabahuhan. Magtago ng isang kopya at markahan itong "Pansamantalang Resibo ng Empleyado" hanggang matanggap mo ang nalagdaan at napetsahang kopya mula sa iyong pinagtatrabahuhan.

Natanggap mo na rin dapat ang isang pulyeto mula sa iyong pinagtatrabahuhan na naglalarawan sa mga benepisyo ng bayad-pinsala sa mga manggagawa at ang mga proseso para makuha ang mga ito. Maaari kang makatanggap ng mga nakasulat na paunawa mula sa iyong pinagtatrabahuhan o sa tagapangasiwa ng mga claim nito tungkol sa iyong claim.

Sinumang tao na gagawa o magiging dahilan ng anumang sinasadyang hindi totoo o mapanlinlang na materyal na pahayag o materyal na representasyon para sa layuning pagkuha o pagkakait ng mga benepisyo o pagbabayad sa bayad-pinsala sa mga manggagawa ay gumagawa ng isang krimen.

Employee—complete this section and see note above Empleyado—sagutan ang seksyon na ito at tingnan ang paunawa sa itaas
1. Name. Pangalan. Today's Date. Peta Ngayon.
2. Home Address. Address ng Tirahan.
3. City. Lungsod. State. Estado. Zip. Zip.
4. Date of Injury. Peta ng Pagkapinsala. Time of Injury. Oras ng Pagkapinsala. a.m. p.m.
5. Address and description of where injury happened. Address at paglalarawan ng lugar na pinangyarihan ng pinsala.
6. Describe injury and part of body affected. Ilarawan ang pinsala at apektadong bahagi ng katawan.
7. Social Security Number. Social Security Number.
8. Check if you agree to receive notices about your claim by email only. Tsekan kung sumasang-ayon kang tumanggap ng mga paunawa tungkol sa iyong claim sa pamamagitan ng email lamang. Employee's e-mail. E-mail ng Empleyado.
9. Signature of employee. Lagda ng empleyado.

Employer—complete this section and see note below. Pinagtatrabahuhan—sagutan ang seksyon na ito at tingnan ang paunawa sa ibaba.
10. Name of employer. Pangalan ng pinagtatrabahuhan.
11. Address. Address.
12. Date employer first knew of injury. Peta ng unang malaman ng pinagtatrabahuhan ang tungkol sa pinsala.
13. Date claim form was provided to employee. Peta ng ibinigay ang claim form sa empleyado.
14. Date employer received claim form. Peta ng natanggap ng pinagtatrabahuhan ang claim form.
15. Name and address of insurance carrier or adjusting agency. Pangalan at address ng tagapagdulong ng seguro o ahensiyang nagsasaayos.
16. Insurance Policy Number. Insurance Policy Number.
17. Signature of employer representative. Lagda ng kinatawan ng pinagtatrabahuhan.
18. Title. Titulo. 19. Telephone. Telepono.

Employer: You are required to date this form and provide copies to your insurer or claims administrator and to the employee, dependent or representative who filed the claim within one working day of receipt of the form from the employee.

Pinagtatrabahuhan: Kailangan mong lagyan ng petsa ang form na ito at magbigay ng mga kopya sa iyong tagapagseguro o tagapangasiwa ng mga claim at sa empleyado, dependent o kinatawan na nagsusumite ng claim sa loob ng isang araw ng trabaho pagkatanggap sa form mula sa empleyado.

SIGNING THIS FORM IS NOT AN ADMISSION OF LIABILITY

ANG PAGLAGDA SA FORM NA ITO AY HINDI PAG-AKO NG PANANAGUTAN

Employer copy/ Kopya ng pinagtatrabahuhan Employee copy/ Kopya ng empleyado Claims Administrator/ Tagapangasiwa ng mga Claim Temporary Receipt/ Pansamantalang Resibo